# *Ano Ang Sabi Ninyo Kung Sino Ito?*

Magandang umaga, mga kaibigan. Tunay na ipinapalagay kong isang pribilehiyo ang makaparito sa iglesyang ito. At medyo gusto ko ang pangalan nito unang-una. Tinatawag itong "Jesus Name." Gusto ko 'yan. At ako—palagay ko 'yan ay—'yan ay . . . Iyan ang Pangalan na nakatubos sa akin, iyang kalugud-lugod na Pangalan ng Panginoong Jesus. At saka ang makaparito kasama ang mabubuti kong mga kaibigan, nangagkakatipun-tipon dito sa napakagandang Linggo ng umagang ito, dito mismo sa Phoenix. Wala akong ibang alam na lugar na mas gugustuhin kong naroon, 'liban kung ito'y sa Kaluwalhatian kasama kayong lahat. At 'yan ang dakilang pangyayari na ating pakaaabangan balang araw.

2 At nagkaroon ako ng tawag ng maysakit, na pupuntahan dito, ngayon. At kausap ko si Kapatid na Outlaw, ang mahal kong kaibigan, at siya—inimbitahan niya ako nang buong giliw para—para magpunta. At ang lahat ng mga ministro dito sa Phoenix ay naging tunay na mabuti sa akin.

3 Minsan iniisip ko kung bakit ako lumipat sa Tucson. Tatlong taon na akong nandoon, at hindi pa kailanman naimbitahan sa anumang pulpito. Kaya palagay ko ako'y nagka . . . gagawin ko na lang ang aking—ang pagbisita ko dito sa Tucson . . . o dito sa Phoenix, kung saan ko nararamdamang malugod akong tinatanggap. Buweno, siguro masasanay din sila sa akin balang . . . Alam n'yo, nangaral ako doon nung isang gabi, at tatlong oras akong nangaral; di kataka-taka na hindi na nila ako inimbitahan pang bumalik.

4 Pero meron akong ganun na lang na—na pakiramdam sa puso ko para sa Diyos at sa Kanyang mga hinirang. At napakabagal ko, at ako-natatakot ako na baka may maisantabi ako o hindi makapagpasok ng sapat, at pinag-isa ko ang mga tatlo o apat na mensahe. Kaya ako'y tiyak na . . . sa inyong mga tao na nakadalo roon, humihingi ako ng paumanhin at kayo'y pinaghintay ko ng ganun katagal. Hindi ko dapat ginawa 'yon.

5 At gayundin ay natutuwa ako ngayong umaga na makaparito kasama si Kapatid na Carl Williams, at ang batang si Jimmy dito, at ang choir, at ang mga kaibigan kong magkakapatid na Moseley; ang makita si Brad, Kapatid na John Sharrit, at napakarami sa mga kaibigan ko; si Kapatid na Pat Tyler, nandito, mula pa doon sa Kentucky, at—at—at napakaraming mga kaibigan para lang magkatipun-tipon dito—sa pagtitipong

ito ngayong umaga. Kita n'yo, nakita ko ang marami sa mga kaibigan kong mula sa Tucson at iba pa, na nangakaupo dito.

6 Iniisip ko ang isang araw kapag tapos na ang lahat ng ito, pagkatapos ay magkakasama tayo kung saan tayo'y... hindi natin...tayo—hindi na natin kailangan pang huminto sa pakikinig sa napakagandang musikang ito, kita n'yo. Nagkataong napansin ko ngayun-ngayon lang na ang anak ni Kapatid na William, na nakaupo d'yan sa bandang likuran, nagbigay siya ng isang patotoo nung isang gabi doon sa Ramada Inn. At palagay ko halos anim na talampakan lang ang taas niya. Pero sinasabi ko sa inyo, pagkatapos ng testimonya na 'yon, palagay ko siya'y sampung talampakan ang taas. Siya lang ay...Talagang kinalugdan ko ang sinabi ng binata, isang pagkaganda-gandang patotoo.

7 Kapag naririnig ko itong mabubuting mga kabataan na nagpapatotoo tungkol sa kanilang pananampalatayang nakasentro kay Cristo...At ako—papatanda na ako, at ako... isang araw kailangan ko nang—nang—nang tumigil at umuwi sa Tahanan. At makita itong mga kabataan na paparating na nakahanda na, at inihahanda ang kanilang sarili na magsimula sa kung saan ako tumigil...At ganyan ang ginagawa natin. Sa ganyang paraan nakalatag ang buhay. Na tayo...aalis ang isang henerasyon...at ang ama at ina. At palalakihin nila ang kanilang mga anak na bata pa, at makikitang magsipag-asawa ang mga ito; at darating ang mga apo. At pagkalipas ng sandaling panahon, babalik na sina Tatay at Nanay sa alabok. At pagkatapos, sa panahong iyon, ang mga anak naman ang nakahandang magkaroon ng apo; at pagkatapos, papanaw na sila. Ngunit magkakaroon ng isang napakalaking, pangkalahatang pagkabuhay na mag-uli isa sa mga araw na ito. Lahat tayo'y ipatatawag sa Harapan ng Diyos para magbigay ng ulat tungkol sa kung ano ang ginawa natin sa ibinigay sa atin ng Diyos: si Jesus Cristo. At kaya, labis akong nagagalak na malamang nabuhay ako sa henerasyong ito kasama ang isang napakabuting grupo ng mga tao, na nasa buong mundo, na nakilala ko. Ako—ako'y sadyang—sadyang nagpapasalamat sa Diyos. At balang araw kapagka dumating ang tawag sa akin, naku, ako'y—kailangan kong humayo't harapin ang mga bagay na nagawa ko. Nais ko ang mga iyon na maging tanging para sa kaluwalhatian at karangalan ng Diyos.

8 May marami sa mga bagay habang ako...papalapit tayo sa Bagong Taon na ako—nais ko sana na aking—makalimutan na, pero alam kong naikumpisal ko na sa Kanya ang mga iyon bilang pagkakamali at—at inilagay na Niya ang mga iyon sa Dagat ng Pagkalimot, at hinding-hindi na Niya aalalahanin pa ang mga iyon. Ngayon kita n'yo, hindi gano'n ang pagkakagawa sa atin, lagi nating inaalala. Maaari nating patawarin ang isa't isa, pero tayo—hindi natin malilimutan ang tungkol dito dahil tayo

ay—tayo ay—ginawa tayong iba. Ngunit magagawa ng Diyos na patawarin iyon at kalimutan iyon. Magagawa Niyang basta na lang burahin iyon na para bang hindi iyon kailanman naroon. Kita n'yo? Sapagkat meron Siyang kakayahang pumasok diyan sa Dagat ng Pagkalimot, pero tayo ay wala nun. Isipin n'yo nga iyon, na ang Diyos hindi na maaalala pa na kailanma'y nagkasala tayo. Isipin n'yo 'yan! Kayong choir, kayong mga mga kabataan, ano kaya kung. . . paano naman 'yan? Hindi man lang nga natatandaan ng Diyos na kailanma'y nagkasala tayo. Kita n'yo, magagawa Niyang kalimutan ang buong bagay, at hinding-hindi na matatandaan pa kahit kailan. Di ba't katangi-tangi 'yan?

9 Hindi ito basta isang lugar lang para magbiro. Hindi ako naniniwala sa ganyang pagkukulitan o pagbibiruan sa. . . Ipinapaalaala nito ang isang—isang kaibigan ko. Nasa Kaluwalhatian na siya ngayon. Pero siya—may ikinuwento siyang isang munting istorya isang beses, tungkol sa isang—isang mag-asawa na lumipat sa siyudad at. . . mula sa probinsiya. At meron silang isang. . . Itong batang mag-asawa ay merong isang matandang ama, at siya'y talagang nag-aalab para sa Diyos. Kaya 'yung kabataang babae (tatay niya 'yon) ang. . . bale napahalubilo siya sa ilang mga klásikál na tao. Alam n'yo na, kung saan meron ka nitong lahat ng klásikál na mga aliwan. At kaya, magkakaroon siya ng isang kung anong klase ng libangan nang araw na 'yon sa bahay niya.

10 At—at ang kanyang—ang tatay niya, pagkatapos nitong magtanghalian, aba ito—kukunin nito ang Biblia at pupunta doon sa loob ng kuwarto at magbabasa ito sandali. At ibababa nito Iyon, at iiyak ito, at sisigaw, at hihiyaw, at kikilos nang wala sa ayos, at babangon at isusuot ang salamin nito at magbabasa uli. Pagkatapos ay may makikita, at ibababa ang salamin nito at magsisimulang umiyak at sumigaw. Sabi niya, "Gagambalain niyan ang party ko kaya ako—ako—kailangan kong. . . kailangang may gawin ako kay Daddy, at hindi ko alam kung ano'ng gagawin." Kaya siya'y nagpasyang hahayaan niyang umakyat ito sa itaas, at pumunta sa itaas—doon sa itaas ng—ng lugar.

11 At—at napaisip siya, "Naku teka, hindi ko pwedeng ibigay sa kanya 'yung Biblia niya, kasi ganun din ang gagawin niya doon sa itaas." Kaya binigyan na lang niya ito ng isang lumang Heograpiya, at pinaakyat ito doon sa itaas. Sabi, "Dad, tingnan n'yo po 'yung mga litrato sa buong mundo at mga bagay-bagay habang nagpa-party po kami." At sabi, "Hindi po kami magtatagal. Kami'y—kami'y bababa. . . Bumaba po kayo pagkaraan ng ilang sandali." Sabi, "Alam kong ayaw n'yong mapalapit sa kung saan naroon silang lahat na mga babae."

12 Sabi nito, "Hindi, ayos lang 'yan, Honey. Ako'y—aakyat ako doon."

13 Kaya ito . . . Ipinag-ayos niya ito ng isang ilaw at isang maliit na puwesto. At sa loob-loob niya, "O hayan, iyan—tapos na ang problema. Bale, titingnan na lang niya ang mga litrato at magbabasa ng kaunti tungkol—tungkol sa heograpiya, at pagkatapos . . . at pagkaraan ng ilang sandali bababa naman siya. At magiging ayos lang ang lahat."

14 Kaya nung oras na halos nasa kalagitnaan na sila ng pag-inom sa kanilang pink na limonada, alam n'yo na, at nagpa-party . . . Noong pagkatapos ng ilang sandali, nagsimulang umuga ang kabahayan, at 'yung matandang lalaki'y nagsimulang tumakbong pataas-baba sa palapag na naghihihiyaw at nagtatatalon. At—at sa loob-loob niya, "Ano'ng nangyari sa kanya? Hindi naman niya dala ang Biblia doon sa itaas. Iyan . . . Baka nakakuha siya ng Biblia."

15 Kaya tumakbo siyang paakyat sa mga baitang, at ang sabi, "Daddy!" Sabi, "Hindi po Biblia 'yang binabasa n'yo. Isa po 'yang Heograpiya."

16 Sabi nito, "Alam ko 'yon, Honey. Alam ko 'yon! Pero" sabi, "alam mo ba, nung isang araw binabasa ko sa Biblia kung saan sinabi ni Jesus na inilagay Niya ang mga kasalanan natin sa Dagat ng Pagkalimot, kita mo, at hindi na aalalahanin pa ang mga iyon kahit kailan. At binabasa ko rito kung saan sinasabi nila na ni hindi nga nila matagpuan ang kailaliman ng dagat sa ilang lugar, sa Heograpiya." Sabi, "Isipin mo nga, nagpapatuloy pa rin sila."

17 Iyon ay nagpapasaya sa kanya. Kaya nga masusumpungan ninyo ang Diyos saanman kayo tumingin. Kita n'yo, kung magmamasid lang kayo sa paligid, bawat bagay ay magsasalita para sa Kanya.

18 Ngayon talaga, sa totoo lang, ako—sinabi ko kay Kapatid na Outlaw, "Tungkol saan kaya ang ipangungusap ko sa umagang ito? Nasabi mo na ba ang iyong Pamaskong mensahe?"

Sabi, "Oo."

Sabi ko, "'Yung iyong pang-Bagong Taon na mensahe?"

"Hindi."

19 Kaya naman, meron akong ilang mga balangkas dito kung sakali mang magkaroon ako ng paanyaya saanman, ipangungusap ko 'yung aking pang-Bagong Taon na mensahe. Naisip kong ipauubaya ko 'yan kay Kapatid na Outlaw para dun sa kanya naman, sa susunod na linggo.

20 Kaya naisip ko siguro balikan ko nang bahagya ang isang munting teksto dito na makapagpapatagal pa sa atin ng ilang minuto, kung loloobin ng Panginoon. At umaasa tayong pagpapalain Niya tayo. Nais kong pasalamatan si Kapatid na Outlaw at ang iglesya rito, sa pag-iimbita sa akin para makapangusap dito. At ako . . . Gaya ng sabi ni Kapatid na

Outlaw, na “ang pagkakaibigan namin ay hindi pa kailanman nanghina,” kundi sa biyaya ng Diyos ay nakapagpanatili sa amin sa lahat ng mga nagdaang taong ito. Ito ang unang iglesyang nag-anyaya sa akin, at ako’y naparito, ay sa Phoenix.

21 Alam kong . . . Palagay ko si Kapatid na Troll ang tinitingnan ko, rito. Hindi ako sigurado . . . nakaupo sa unahan. Tama nga ba, Kapatid na Troll? Sa tingin ko kasama yata siya nung panahon na ’yon. Meron akong ilang maliliit na mga bagay na ibinigay niya sa akin nung panahong iyon; maliliit . . . hinuhulma nila ’yon o kung ano. Alam n’yo na, maliliit na tansong bagay mula rito kung saan kayo nakatira. At tumingin ka sa paligid . . . At sadyang nag-iisip ako kung magiging ano sa umagang iyon kapag tumawid na tayo sa kabilang ibayo, alam n’yo, at makita ang mga tao . . . sasabihin nila, “Naku, doon . . . ” Alam n’yo, magmumukha tayong talagang ibang-iba sa panahong ’yon, kumpara sa kung ano tayo ngayon. Tayo’y . . . Tama ’yan. Wala tayong anumang magiging bahid ng kasalanan o katandaan. Tayo’y magiging sakdal. Oh, hinihintay ko ang panahong iyan (hindi ba kayo din?) kung saan lahat ng mga problema ay tapos na.

22 At ngayon, meron akong isang Mensahe mula sa Diyos na ako—nararamdaman ko. At ako’y . . . Hindi ko gustong maging iba, pero dapat akong maging tapat. At kung hindi ko sasabihin ang aking matibay na mga paniniwala, kung gano’n hindi kayo maaaring magkaroon ng tiwala sa akin. Dahil ako—ako—ako’y mas magiging lalong parang isang traydor o isang mapagkunwari. At ako—gusto ko pang maging kahit ano maliban diyan, alam n’yo. Maaari akong mawalan ng ilang mga kaibigan sa lupa, pero ako—ako’y nagnanais na manatiling totoo sa aking matibay na mga paniniwala, sa kung anong sa palagay ko ay tama.

23 Ngayon, noong mga taong nagdaan, napakadali nang una akong magsimula; at ang mga tanda, at ang mensahe, at pangangaral. Saanmang lugar ay may bukas-kamay, “Halika! Halika! Halika! Halika!” Ngunit, alam n’yo, bawat totoong tanda mula sa Diyos ay may—may Mensahe, isang Tinig. Kita n’yo, sinusundan Nito Iyon. Kung hindi iyon ganun . . . hindi nagbibigay ng ganun ang Diyos bilang katuwaan lang sa pagbibigay n’yon. Siya—meron Siyang ipinapadala para kunin ang atensiyon sa kung ano ang nahahanda Niyang sabihin. Katulad ng meron tayo nitong napakagandang pag-awit na ginawa nitong choir; para saan ’yon ginawa? Para patahimikin ang mga tao para sa isang paparating na mensahe.

24 Iyan ang—iyan ang ginagawa ng isang tanda. Taglay ni Moises ang mga tanda na pinag-usapan natin kamakalawa ng gabi, at ang mga tandang iyan ay may Mga Tinig. At ang . . . nang magsalita ang Tinig . . . humayo si Jesus na pinagagaling din ang mga maysakit. Isa siyang dakilang Tao. Pero nang dumating

ang panahon na iyang—iyang Propeta, na nasa lupa noon. . . Na hindi pa sila nagkakaroon ng isa sa loob ng apat na raang taon, at heto Siya sa lupa at ginagawa ang mga tanda. Noon ay isa Siyang "mabuting tao," gusto Siya ng bawat isa. Ngunit nang ang Mensahe na sumunod sa tanda na iyan (ang Tinig). . . nang maupo Siya isang araw at sabihing, "Ako at ang Aking Ama ay Iisa." Talaga, naman! Iyon—iyon—iyon ay isang bagay na kakaiba. Sila—hindi nila gusto 'yan. Kita n'yo?

25 At iyan. . .ang sanlibutan ay sadyang katulad n'yan, ganun pa man, mga kaibigan. Kita n'yo? Sila. . .anumang bagay na maaari nilang makuha, kung magagawa nila—magagawa nilang makakuha na lang basta nang buong laya, kita n'yo. . .Na kanilang—nararamdaman nilang basta ba hindi ito nakakagambala sa kanila, aba, kanilang—kanilang gagawin ito. Pero pagdating sa oras na kailangan nilang palitan ang kanilang mga kaisipán tungkol sa mga bagay, diyan na nagkakaproblema.

26 Ngayon, kita n'yo, tayo'y nagtatayo ng isang gusali, hindi ng isang pader. 'Yung mga nagtatayo'y gustong kunin ang isang linya ng mga bloke at basta na lang magpatuloy nang dire-diretso. Ngayon kayang magtayo niyan ang sinumang tagapagtayo. Pero kailangan ng isang tunay na ekspertong mekaniko para makapag-ayos ng isang panulukan. Kita n'yo? Kapag kailangan mong tabasin ang panulukan, iyan ang sandaling kailangan ng. . .ipinapakita nito kung ikaw ba'y—ikaw ba'y talagang isang kantero o hindi; kapag nagawa mong maisaayos ang panulukan sa pagtabas dito, at panatilihin ang maayos na pagkakalapat-lapat ng kabuuan ng gusali, pero ayusin ang panulukan. Ngayon dito sa mga panulukang ito nagkakaproblema. Gusto ng mga tagapagtayo na magpatuloy sa pagtatayo nang dire-diretso. Pero hindi tayo nagtatayo ng isang pader; kundi, isang gusali.

27 Ngayon na pag-uusapan natin ito, sa umagang ito, ipanalangin n'yo ako, at ako'y. . .Lagi ko kayong ipinapanalangin. At ngayon, iyukod natin ang ating mga ulo sa ilang sandali sa Harapan ng Dakilang Jehovah, na Diyos. At napagtatanto natin ang ating kakapusan; lahat naman tayo. At hindi tayo isang naririto maliban kung may pangangailangan. At iniisip ko, habang tayo'y nananalangin, na kung meron man sa inyo na may natatanging pangangailangan?

28 Alam n'yo, ang walang hanggang Diyos, gaya ng sinabi ko dito sa Phoenix nung isang araw sa—sa pagtitipon dito. . . Katulad ng telebisyon, ito'y dumarating, si Cristo ay naririto mismo sa loob ng gusali ngayon. Alam n'yo, bawat galaw na gawin n'yo, sa tuwing ikinukurap n'yo ang inyong mata, hindi iyon kailanman namamatay. Iyon ay nasa ether waves ng ere. Hindi iyon binubuo ng telebisyon. Kinukuha lang nito iyang signal sa ere na nasasagap tungkol sa inyo, at inilalabas iyon

sa isang screen. Nandun pa rin naman iyon. Dati nang naroon iyon. Bawat galaw na kailanma'y nagawa n'yo ay buhay pa rin, nasa ere. Ngayon, nakita n'yo kung magiging ano tayo sa paghuhukom?

29 Kaya, ang Diyos ay naririto sa gayong paraan din. Hindi natin Siya nakikita, tulad ng hindi natin nakikita ang mga larawang iyon sa telebisyon. Nangangailangan ng isang partikular na tubo o kristal ng kung ano para masagap ang tinig, at mailabas ang larawan at kung anu-ano pa. Naririto na iyan noong nandito sa lupa si Adan, pero nakuha lang natin ang lokasyon nito. Ang Diyos ay naririto ngayong umaga. At isa sa mga araw na ito, sa Milenyum, ay mapagtatanto natin. Magiging mas higit na makatotohanan lang iyon kaysa sa telebisyon o mga bagay-bagay, na Siya ay narito mismo sa pagtitipon sa umagang ito.

30 Ngayon habang tayo. . . sa ganyang kaisipán, panatilihin sa inyong puso kung ano ang pangangailangan ninyo, at itaas lang ang inyong kamay sa Kanya. Maaari bang gawin n'yo yan? Sabihin, "Panginoon, . . ." At sa inyong puso, pagnilayan n'yo 'yung kaisipán.

31 Ngayon, Makalangit na Ama, kami ay mayroon lamang nitong isang paglapit, at iyan po ay sa daan ng pananalangin. At kami'y—kami'y lumalapit sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Kami'y—kami'y hindi karapat-dapat na iusal ang Pangalan, na gamitin Ito. Hindi kami. . . hinding-hindi po namin iniisip na kami'y karapat-dapat, kundi dahil sa kami'y naanyayahang gawin ito. At nalalaman ito, na Kanyang sinabi, "Kung hihiling kayo sa Ama ng anuman sa Aking Pangalan, Aking—Aking—Aking ipagkakaloob ito." At kami ay. . . kung ang aming pananampalataya ay makatitindig lamang diyan, bilang Kanyang Salita at kung Sino Siya, kung gayon ay nakatitiyak po kami na matatanggap ang hinihiling namin. Nakita Mo po ang bawat kahilingan. Nakita Mo po ang aking kamay. Alam Mo po kung ano ang kahilingan ko.

32 At Ama, ipinananalangin ko po ang bawat isa sa kanila. Na bawat bagay na kailangan nila. . . Panginoon, hindi po ako naniniwalang ang isang grupong tulad nito ay hihiling ng anumang mali. Ito'y magiging para sa ikasusulong ng kanilang kapakinabangan maaaring ito'y para sa kanilang sariling kagalingan; at sa paggawa ng ganyan, nanaisin po nilang. . . o sa kanilang sariling pagkaunawa. Nanaisin nila iyan upang kanilang maipalaganap pa ang Kaharian ng Diyos.

33 At dalangin ko po, Diyos, na ang kahilingan ng bawat isa ay ipagkakaloob. Pagpalain Mo po ang iglesyang ito, ang pastor nito, ang mga katuwang nito, at ang mga diyakono, mga tagapag-ingat, lahat ng mga kasapi rito, ang mga panauhin po, mga dayo. Hindi po sila mga dayo, Panginoon. Kaming

lahat po ay Iyong mga anak sa pamamagitan ng biyaya at sa pamamagitan ni Cristo. At dalangin namin na ibibigay Mo po sa amin ngayong umaga ang Tinapay ng Buhay, na kami ay maaaring humayo mula rito na may pagkaunawang ang mga kahilingang ito na hiniling namin ay naipagkaloob na sa amin.

34 Pagpalain Mo po ang Salita, Panginoon, habang binabasa ko Ito. Wala pong tao ang—ang may kakayahan o makasasapat para ipaliwanag iyang Salita. Nakita ni Juan ang Aklat sa kamay Niya na nakaupo sa Luklukan, at wala pong isa sa Langit, o sa lupa, o sa ilalim ng lupa na karapat-dapat maging ang tumingin sa Aklat. Ngunit isa sa mga matatanda ang nagsabi, "Narito, ang—ang Leon sa Angkan ni Juda ay nagtagumpay." Si Juan, na nakamasid para makakita ng isang—isang leon, siya ay nakakita ng isang Kordero na napaslang, isang—isang duguang Kordero ang lumapit at kinuha ang Aklat, umakyat sa Luklukan at naupo. At inalis ng lahat ng mga kilalang nilalang na nasa Langit ang kanilang mga korona sa kanilang ulo at nagsiyukod at batid na Siya ay karapat-dapat.

35 Panginoon, dalangin po namin na Siya'y paririto sa Luklukan ng aming mga puso ngayong umaga. Aakyat at paghaharian ang bawat kaisipán na mayroon kami, at kukunin ang Salita at mangungusap sa amin upang may malaman pa kami tungkol sa Kanya at sa Kanyang plano sa aming mga buhay. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

36 Ngayon, kung nais n'yong buklatin ang Biblia sa. . . Ang Kasulatan ay matatagpuan sa San Mateo sa ika-21 kabanata, at magsisimula sa. . . Sa tingin ko basahin natin ang—ang ika-10 at ang ika-11 talata ng ika-21 kabanata ng Mateo. Magpakabuti, pag-uwi ninyo, kung hindi n'yo pa ito nagagawa sa panahon nitong mga bakasyon, kung tatapusin n'yong basahin itong kabanata. Ito'y talagang kalugud-lugod. Kalugud-lugod lahat. Ito lalo na, para sa okasyong ito, at kasama ang Mensahe na inaasahan kong hahayaan ako ng Espiritu Santo na ihatid sa inyo sa umagang ito.

37 Pansinin ang ika-10 talata habang nagbabasa tayo, pati na ang ika-11.

> *At nang pumasok siya sa Jerusalem, ang buong lunsod ay nagkagulo, na nagsasabi, Sino ba ito?*
>
> *At sinabi ng maraming tao, Ito ang propetang si Jesus na taga-Nazaret ng Galilea.*

Ngayon tayo'y. . . Idagdag nawa ng Diyos sa Kanyang Salita ang—ang kaugnay na nilalaman nitong pagbasa sa Kasulatan.

38 Ngayon alam natin kung anong panahon nga ito, at marami sa inyo ang pamilyar sa Kasulatan nitong partikular na kabanata. Ito'y noong. . . talagang nung araw na nagpunta si Cristo sa Jerusalem, na nakasakay sa munting asnong ito. At tayo. . . May isang alamat na nagsasabing "iyon ay isang puting

asno." Sa palagay ko, bilang paunang pagsisimbolo ng Kanyang ikalawang pagdating sakay ng isang kabayo. Sa panahong iyon, ang sabi ng propeta, na "Siya ay sasakay. . . Darating sa inyo ang inyong Hari na nakasasakay sa isang batang asno na anak ng asnong babae, at mapagpakumbaba at maamo." Sa ganyang paraan Siya dumating at—at. . . nakasasakay sa isang—isang munting asno, isang munting tagapasan ng mga dalahin. Ngunit sa susunod na panahong dumarating Siya mula sa Kaluwalhatian (sa ika-19 na kabanata ng Apocalipsis), darating Siya bilang isang Makapangyarihang Mananakop. Ang Kanyang damit ay inilubog sa dugo, nakasasakay sa isang puting kabayo, at nakasunod sa Kanya ang lahat ng hukbo ng Langit na nangakasasakay sa mga puting kabayo. At 'yung alamat (hindi ayon sa Kasulatan o sa kasaysayan). . . Ngunit naniniwala 'yung alamat na Siya'y nakasasakay sa isang batang puting asno habang papasok Siya sa Jerusalem.

39 Ngayon iyan. . . pinili ko ito. . . ay gano'n pa rin. . . sa dahilang tayo'y nasa mga anino ng. . . o nasa panahon ng Kapaskuhan, at—at ng Bagong Taon; ang pagtatapos ng isang lumang taon, at ang pagpapasok ng isang bago. Ilang araw mula ngayon, maraming tao ang magbubuklat ng mga bagong pahina at—at gagawa ng mga bagong bagay at bubuo ng mga bagong pangako; at ito ang pasimula ng isang Bagong Taon. At para bang halos hindi na ito Pasko para sa akin. Hindi ko alam kung bakit, lagi ko itong gustong tawaging "Araw ni Santa Claus." Kita n'yo? Dahil wala na halos talagang. . .

40 Hindi maaaring naging araw ito ng kapanganakan ni Cristo. Sadyang siguradung-sigurado na hindi ito maaaring nagkagano'n. Malamang ay ipinanganak siya ng Marso o Abril, dahil Siya ang Kordero. At Siya ay isang lalaking tupa at ipinanganak sa ilalim ng *ram*, Aries. Kailangang maging gano'n nga, kita n'yo. At ang mga tupa ay hindi naman ipinapanganak tuwing Disyembre. Ang mga tupa'y ipinapanganak tuwing Tagsibol. At saka isa pang bagay, 'yung mga burol ng Judea ngayon, may dalawampung talampakan ng snow sa ibabaw nun. Papaanong nagkagano'n na ang mga pastol ay nasa labas doon?

41 Kaya iyon ay talagang galing sa mitolohiyang Romano, na siyang araw ng kapanganakan ng diyos na araw. 'Yung solar sun habang dumaraan ito, humahaba nang humahaba 'yung mga araw, at ang mga gabi naman ay mas umiikli. At sa pagitan ng ika-20 at ng ika-25 ng Disyembre ay ang araw ng kapanganakan ng diyos na araw, sa ilalim ng Romano—mitolohiyang Romano. At pagkatapos 'yung kanilang mga diyos. . . At pagkatapos ay ipinagdiriwang nila 'yung araw ng kapanganakan ng diyos na araw. At si Constantino, at—at binubuo ang konstitusyon ng simbahan at estado at iba pa. Ang sabi niya, "Babaguhin natin ito" (na hindi alam kung ano nga 'yung araw) "at ipapalit ito sa kapanganakan ng diyos na araw, at gagawin itong: *kaarawan*

*ng Anak ng Diyos*." Kita n'yo? Na . . . Pero hindi natin alam kung anong araw 'yon.

42 Pero ngayon, 'yung kanila, inalis na ang halos lahat tungkol kay Cristo, hanggang sa lahat ng ito'y . . . 'yung iba ay ibinalik ang mitolohiya ng kung anong nilalang na nabuhay, ayon sa palagay, na nagngangalang San Nicolas o—o Kriss Kringle, isang kung anong mitolohiyang Aleman. At ang lahat ng ito'y kathang-isip lang, at si Cristo ay wala man lang rito.

43 At ang mga tao'y napatutok na sa pagbili ng nakalalasing na inumin, at—at pagsusugal, at mga usong porma. At ang isang—isang tao na . . . isang negosyante na makapagbibili ng kanyang mga paninda sa buong panahon ng Kapaskuhan ay makakapamuhay nang buong taon pa, halos. Kita n'yo? Ito'y sadyang isang napakalaking okasyon, na pangangalakal. At ang mga kawawang maliliit na paslit na nasa kalye; 'yung kanilang mga magulang ay hindi kayang—kayang bisitahin sila na may dalang isang—isang regalo, katulad ng galing kay Santa Claus, at naglalakad ang mga ito sa kalye, at 'yung kanilang maliliit na maruruming mga kamay at 'yung kanilang munting namumulang mga mata. Ako—sadyang di ko gustong makitang dumarating ito. Dapat itong maging isang kapita-pitagang araw ng pagsamba sa Diyos, sa halip na isang kirot sa dibdib at isang sakit sa ulo at 'yung mga bagay na nagawa. Walang anumang patungkol kay Cristo sa ganyan. Pero tayo'y nasa gitna mismo ng lahat ng ito ngayon.

44 Nadaratnan natin ang ating mga sarili, na parang katulad nila noon. Kita n'yo, ito'y isang pagpasok lamang ngayon sa isang napakalaking pista. Si Jesus ay patungo sa isang Pista ng Paskwa. At Siya ay pumasok sa Jerusalem . . . o papasok sa Jerusalem. At ang mga propesiya tungkol sa lahat ng ginawa Niya ay dapat na maganap. Bawat bagay sa Biblia ay may kahulugan. Bawat pangalan ay may kahulugan. Walang anumang nakasulat sa Kasulatan kundi 'yung merong isang—isang malalim na kahulugan.

45 Nangusap ako kamakalawa ng gabi sa Tucson, tungkol sa *Bakit Kailangan Nga Bang Mga Pastol Sa Halip Na Teologo?* Ipinanganak Siya sa tabi mismo ng simbahan. At ang Espiritu Santo na nagpakalayu-layo pa doon sa disyerto at pumipili, hindi ng mga teologo, kundi mga pastol. Kinailangang maging gano'n. Malamang na hindi naniwala 'yung mga teologo sa gayong Mensahe. Kaya sila . . . dapat nga lang talaga na mga pastol.

46 Nangaral ako sa gawing itaas dito, ilang taon na ang nakalilipas, dalawang taon na ang nakalilipas, *Bakit Nga Ba Ito, Ito Ngang Munting Betlehem?* Kung loloobin ng Panginoon, sa susunod na Pasko, nais kong mangaral tungkol sa, *Bakit Kailangan Nga Bang Mga Pantas?* Itong "mga Bakit?"—may mga

sagot sa mga ito, at ang mga ’yon ay naririto mismo sa Biblia. At tayo’y nabubuhay sa isang kagila-gilalas na panahon, ang pinakadakila sa lahat ng mga kapanahunan. Nabubuhay tayo sa kung kailan, anumang panahon na ito. . . panahon ay maaaring huminto at ang Walang Hanggan ay makahahalo mismo dito at makapagpapatuloy. ’Yung mga kapanahunan ng lahat ng mga propeta at mga pantas, ay inabangan ’yon. Dapat tayong nakabantay bawat oras, nag-aabang sa Kanyang pagdating.

47 Nadaratnan natin ang ating mga sarili, sa Paskong ito, na halos katulad ng ginawa nila noong unang Pasko gayon pa man. Ang mundo’y halos papabagsak na. Katulad ng naipangaral ko isang beses, sa kung saan man, tungkol sa isang Pamaskong mensahe, *Ang Sanlibutan Na Papabagsak Na*. At ang sanlibutan muli ay malapit nang magkapira-piraso. Tingnan n’yo ’yung mga lindol sa banda rito sa California. Inihuhula ko, bago ang pagdating ng Panginoong Jesus, na palulubugin ng Diyos ang dakong ’yan. Naniniwala ako na ’yang Hollywood at Los Angeles, pati ’yung mga malalaswang lugar na ’yon sa banda ro’n, na palulubugin sila ng Diyos na Makapangyarihan-sa-lahat. Mangagsisilubog sila sa kailaliman ng pusod ng dagat. At ito ay masyado na ang kasalanan, kita n’yo, ’yon ang hadlang.

48 Ang sibilisasyon ay naglakbay kasabay ng araw, mula sa. . . at nagsimula ito sa Silangan, patungong kanluran. At ngayon ito’y nasa Kanlurang Baybayin na. Kung lalayo pa ito, babalik na itong muli sa Silangan. Kaya nga iyan ang hadlang. At ang kasalanan ay naglakbay kasabay ng sibilisasyon, at ito’y nagiging siyang imbakan ng dumi ng lahat ng mga kapanahunan. Mga bagay na ginagawa nila na—na ni hindi nga maiisip ng mga taong mula sa iba pang kapanahunan ang ganung klase ng bagay. ’Yung kababaihan ay isinadlak na ang kanilang sarili sa gayong karumihan, hanggang sa ni wala ngang babae mula sa anumang kapanahunan ang makapag-iisip ng gayong bagay na tulad ng ginagawa natin sa kasalukuyan. At pagkatapos ay tatawagin pa rin nating mga Cristiano ang ating mga sarili. Anong kahihiyan!

49 Hindi kataka-takang tumayo ’yung dakilang propeta, at sinabi niya, “Hindi ako isang propeta ni hindi rin anak ng isang propeta, ngunit. . . ” Sabi:

> *Ang leon ay umatungal,* at *sino ang* hindi *matatakot?* At. . .*Ang Diyos* ay nagsalita, at *sino ang* makapagpipigil sa pagpapahayag?

Kita n’yo? May bagay na kailangang manawagan.

50 Tayo’y nasa kritikal na panahon; ganun nga ang mundo. Ngunit ang Iglesya, ang tunay na Iglesya (hindi ’yung denominasyon); ngunit ang Iglesya, Mismo, ay handa na para sa pinakadakilang tagumpay na kailanma’y nagawa Nito: ang pagsundo ng Nobyo sa Nobya.

51 Papawatak na tayo, hinihintay dumating ang isang mesiyas (na isang bagay) at tayo'y iligtas, ilabas tayo mula sa lahat ng ito. Nakatanaw tayo sa ibaba. . . sa mga kaguluhan doon sa Silangan. Nakatanaw tayo doon sa Aprika sa mga rebolusyon, at sa mga problema tungkol sa lahi, at sa pagbubuklod-buklod, at—at pagbubukod-bukod. At tayong lahat ay walang-saysay na nakipagtalo at nagsigawan dito kamakailan lang ('yung mga kaibigan nating itim) tungkol sa, "Dapat tayong magkaroon, dapat tayong magkaroon ng pagbubuklod-buklod. Iyan ang kailangan natin. Dapat tayong magkaroon ng pagbubuklod-buklod; bawat tao, pantay-pantay, bawat tao." Buweno, siguradong ayos lang 'yan. Siguradong ayos lang 'yan. Hindi ako naniniwala sa pang-aalipin. Unang-una hindi naman mga alipin ang mga taong 'yon. Hindi sila mga alipin.

52 Ang Diyos ay isang tagapagbukod. Ako rin. Bawat Cristiano'y isang pagbubukod. Ibinubukod ng Diyos ang Kanyang mga hinirang mula sa lahat ng iba pa sa kanila. Sila'y. . . Dati na silang isang ibinukod. Pumili Siya ng isang bayan. Pumipili Siya ng isang pangkat ng mga piling tao. Isa Siyang tagapagbukod. Ginawa Niya ang lahat ng mga bansa. Pero ganun pa man, ang isang tunay na totoong Cristiano ay kailangang maging isang nagbubukod. Ibinubukod ang kanyang sarili mula sa mga bagay ng sanlibutan at lahat na, at makibahagi sa isang layunin, si Jesus Cristo.

53 Pero isinisigaw nila 'yon. Sinubukan ko nang sabihin sa kanila, "Hindi 'yan ang bagay na makapagliligtas sa bansa natin. Isang pampulitikang pakana lang 'yan. 'Yun ay isang —'yun ay isang bagay na may bahid-komunismo." Sa tingin ko aakayin ni Martin Luther King 'yung mga kababayan niya sa isang pagkalaki-laking pagpaslang, at walang-awang pagpatay, na kailanma'y naranasan nila. At sila. . . Alam n'yo, hindi niyan mapagbubuklod ang mundo. Hindi tayo maililigtas niyan. Binigyan natin sila ng pagbubuklod-buklod. Ngayon mas malala na ito kaysa sa dating pagkagrabe nito. Kita n'yo, hindi 'yan ang. . . hindi 'yan ang tanong. May iisang bagay lang na makagagawa nun: iyon ay ang Diyos. At siguradong hindi nila gusto Ito.

54 Hindi nila Siya gusto noon. Papabagsak na sila, at ang kanilang pulitika ay papabagsak na, 'yung kanilang mga bansa'y nagkakawatak-watak na, 'yung kanilang iglesya ay nagkakahiwa-hiwalay na, at sila'y nananawagan para sa isang Mesiyas. Kailangan nila Siya. "Naku, magsugo Ka po sa amin ng isang Mesiyas." Pero nang dumating Siya . . .

55 Ang Diyos ay nagbigay. . . ibinibigay ang kasagutan sa iyong dasal. Humiling ka, at ika'y makatatanggap. At iya'y. . . Maaari akong huminto dito nang maraming oras, tungkol sa mga kalalakihan at kababaihan, mga Cristiano pa nga, na nagdarasal

para sa isang bagay; at ipinagkakaloob ng Diyos ang kasagutan at ni hindi man lang nila 'yon nakikilala.

56 At ngayon, ibinigay sa *kanila* ng Diyos ang kasagutan. Sa kanilang paghahangad ng isang Mesiyas. Alam nilang nagkaroon sila ng mga Cesar, at nagkaroon sila ng—nagkaroon sila ng mga David, nagkaroon sila ng mga Solomon ('yung mga pantas), nagkaroon sila ng mga David ('yung magigiting na mga mandirigma), sila—nagkaroon sila ng lahat ng uri, pero alam nilang kailangan nilang magkaroon ng tulong mula sa Langit at sila . . . Pinangakuan sila ng Diyos ng isang Mesiyas. At isinugo Niya sa kanila ang Mesiyas na 'yon, bilang tugon sa kanilang panalangin, ngunit ayaw naman nila sa Kanya.

57 Iniisip ko, sa araw na ito, kung ang mga panalangin natin . . . Maririnig mo silang magsabing, "Manalangin para sa isang malaking rebaybal. Manalangin para sa *ganito*. Manalangin para sa isang paglaganap. Manalangin para sa pagkakaisa." Iniisip ko, kung magpapadala ang Diyos ng gayong programa, kung tatanggapin nga kaya natin ito. Iniisip ko lang kung tatanggapin nga ba natin ang ipinapadala Niya sa atin. Alam n'yo, Siya . . . Kaya tayo nagdarasal para sa mga bagay na ito, ay dahil alam nating kailangan ito. Pero kapag ipinapadala ito ng Diyos sa atin sa paraang gusto Niya, kung gano'n hindi na ito ayon sa panlasa natin, at samakatwid ay ayaw nating tanggapin ito. At ganyan nga noong panahong iyon. Kung wala Siya sa panlasa ng kanilang paniniwala at kanilang . . . Sila—hindi nila Siya tatanggapin uli, ngayon. Iyan ang dahilan at itinanong nila ang katanungang ito, "Sino ba ito? Sino ba ang taong ito na paparating?" Kita n'yo, iyon ay isang—isang pagkadaki-dakilang panahon. Naku, bawat isa ay . . . di-mapalagay. May bagay na napipintong mangyari.

58 At tingnan n'yo ang mundo sa kasalukuyan, anong tensiyon ang ginagalawan ng buong mundo. Maglakad ka sa kalye . . . Ito'y—hindi na nga ligtas ang magmaneho. Hindi na ligtas ang mapunta sa isang highway na apatan ang daan. Tensiyonado ang bawat isa, biglang umiinit ang ulo at . . . Ano ba'ng problema? Maghunus-dili ka. Saan ka ba papunta? Iyan ang nakapagpapapuno sa mga pagamutan para sa mga nasisiraan ng bait. Iyan ang nakapagsadlak sa iglesya sa gayong pagkakagulo. Sila'y—masyado silang padalus-dalos sa partikular na bagay. Ayaw nilang huminto at isaalang-alang ang Salita ng Diyos, at ang oras na kinabubuhayan natin; lahat ay nasa kagipitan, tensiyon.

59 At ngayon, alam na natin. May-kamalayán na tayo. Kagagaling pa lang ng mundo sa matinding paghihirap sa panganganak. At ang iglesya ay dumaraan sa paghihirap sa panganganak. Kinailangan nitong dumaan sa paghihirap bago ito makapagbigay . . . Bawat isa sa mga propeta, nang dumating sila sa daigdig, isang paghihirap 'yon sa panganganak

para sa iglesya. Ang mundo'y nakaranas na ng isang Unang Digmaang Pandaigdig, Ikalawang Digmaang Pandaigdig, at ngayo'y nakahanda na ito para sa isang Ikatlong Digmaang Pandaigdig. At ito'y nasa paghihirap na naman sa panganganak. Ngunit tanging isang bagay lamang ang makapaghahatid ng kapayapaan, at 'yan ay si Cristo.

60 Lahat ng mga plano natin, at mga ideya natin, at mga pansimbahang pagpapalawak natin, at lahat ng mga pulitika natin, at lahat ng mga siyensiya natin at kung anu-ano pa, napatunayan nang ito'y walang kuwenta. At pagkatapos ay idinadalangin natin sa Diyos na—na tulungan tayo, na mamagitan, "Tumuloy Ka po at gumawa ng isang bagay para sa amin." At pagkatapos kapag ginawa nga Niya, iniisip ko lang kung makakaya nga kaya nating maunawaan Ito; kung magagawa nga kaya nating tanggapin Ito; kung isasaalang-alang man lang kaya natin Ito?

61 Ngayon ganyan ang ginawa noong mga panahong 'yon. Matagal na silang nananalangin, nagkaroon na sila ng lahat ng klase ng mga dakilang lider, napasailalim na sila sa iba't ibang pamamahala, napasailalim na sila sa pamumuno ng isang hari, napasailalim na sila sa lahat na, mga hukom. Gayunman alam nilang tanging isang bagay lang ang makapagliligtas sa kanila, iyon ay ang paparating na Mesiyas. At ang *Mesiyas* ay nangangahulugang "ang pinahiran." Isang tao na pinahiran. Pagkatapos 'yung tao, pinahiran ng Salita. Ang Salita na nagkatawang-tao sa ating kalagitnaan. At nang dumating Siya, Siya—Siya ay sadyang hindi akma sa panlasang gusto nila na ganun dapat Siya; hindi ang lasa na kanilang . . . na dapat Siyang dumating. Kaya samakatwid sila—sila—napasigaw sila, "Sino ba ang taong ito? Tungkol saan ba itong pinagkakaguluhan?" Isang pulutong ng mga tagabukid na nandun sa ibaba sa may tarangkahan, na bumabali ng mga anahaw at . . .

62 At sabi niya, "Aba, patahimikin mo nga iyang mga 'yan. Pinapakaba kami ng mga 'yan, kung paano sila sumigaw, at humiyaw, at kumikilos nang wala sa ayos."

63 At sinabi Niya, "Kung mananahimik sila, itong mga batong ito ang kaagad na sisigaw."

64 Oh, ang oras ay nagsisimula nang lumantad! Nagkakatotoo na ang propesiya. Hindi kataka-taka! "Ang Leon ay umatungal, at sino ang hindi matatakot? At ang Diyos ay nagsalita. Sino ang makapagpipigil sa pagbibigay ng propesiya?"

65 "Hindi, kung sadyang wala Siya sa panlasa namin . . . Kung hindi talaga Siya ang kung anong gusto naming maging Siya, sa paraang naisip naming dapat Siyang dumating, hindi namin Siya tatanggapin." Pagkatapos, ang mga kredo nila ang siyang nakatangay sa kanila papalayo sa nakasulat na Salita. Sa sobrang layo nila, hindi na nila Siya nakilala bilang

Siyang ipinanalangin nilang dumating. Nailayo na sila nang husto ng kanilang mga iglesya, hanggang sa 'yung talagang bagay na kanilang ipinanalangin, ay kasama na mismo nila, at wala ito sa kanilang panlasa, at kaya sila—sila—hindi nila Ito mapaniwalaan. Kinailangan nilang lumayo Rito. Pinatalsik nila Ito. Sila. . .May iisang bagay lamang na maaari mong gawin kapag nakatagpo mo si Cristo. Iyan ay ang tanggapin Siya o tanggihan Siya. Hinding-hindi ka makakaalis na kapwa nasa magkabilang panig. Hindi mo kayang gawin 'yan. Ito—hindi mo dapat gawin 'yon. Sadyang ganun 'yon.

66 Pansinin n'yo nga, kung gaano kakaunti 'yung mga nakakilala sa Kanya bilang ang Pinahirang Salita, ng panahong iyon. Kita n'yo, ang Diyos sa pasimula, bilang walang hanggan, at nalalaman ang lahat ng bagay mula sa pasimula. . .At ang tanging bagay kaya gano'n ang mga bagay na ito ay ang pagpapakita ng Kanyang mga katangian. Ang isang katangian. . .Meron kayong katangian. Iyon ay ang isipan ninyo. May bagay kayong *iisipin*, at pagkatapos ay *sasabihin* n'yo 'yon, saka n'yo *paniniwalaan* 'yon. Ganyan ang Diyos. Siya, sa pasimula. . .Kung kayo'y. . .Kung ikaw nga'y napunta na o mapaparoon man nga sa Langit, nasa Langit ka na sa pasimula pa lang. Ikaw ay bahagi ng Diyos. Ikaw ay kaisipán Niya. Alam Niya ang pangalan mo. Alam Niya kung sino ka bago pa man nagkaroon ng isang—isang—isang molecule, bago pa man nagkaroon ng liwanag. Bago pa man nagkaroon ng anumang bagay, alam na Niya kung sino ka at ang pangalan mo. At inilagay iyon sa Aklat ng Buhay ng Kordero, bago pa man nalikha ang sanlibutan. Kita n'yo, kayo'y kaisipán Niya. At pagkatapos isang. . .Pagkatapos kayo ay naging isang Salita. At ang isang salita ay isang—isang kaisipán na ipinahayag. Kung gayon kayo'y naipahayag.

67 Ganyan nga Siya. Siya sa pasimula ay Siya na. Mag-isang nakatahan ang Diyos kasama ang Kanyang mga kaisipán. Hinding-hindi na Niya gagawin pa uli 'yan dahil ang mga kaisipán Niya ay nahahayag na. At 'yan ang dahilan kaya tayo naririto mismo, sa araw na ito. . .ay dahil ang Diyos ay nakikipag-isa na sa Kanyang mga kaisipán, na nahahayag na. Kita n'yo? Hayan na tayo. Kaya, kayo, sa pagkabalisa, ay hindi makapagdaragdag ni isang siko sa inyong buhay. Hindi n'yo makakayang gawin *ito*, *iyan*, o 'yung *iba*. Ito'y ang Diyos na naaawa. Ang Diyos iyon. "Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin, at walang taong makalalapit malibang palapitin siya ng Aking Ama." Tinatapos na niyan ang usapan.

68 Ngayon, pansinin n'yo lang, kung gaano kakaunti nung panahon Niya, sa dinami-raming milyon na nasa ibabaw ng lupa, na ni hindi man lang nakaalam na naparito Siya. Isipin n'yo nga, may laksa. . .milyun-milyong tao na hinding-hindi nalaman ang tungkol dito. At ang isipin na, sa Israel nang

panahong iyon, may dalawa't kalahating milyong katao sa Palestina, na mga Israelita, at wala pa sa ikasandaang bahagi ng mga iyon ang nakaalam nito. Hindi kataka-takang sinabi Niya, "Matuwid ang pintuan, at makipot ang daan, ngunit kakaunti lamang ang makasusumpong dito." Isipin n'yo nga lang kung gaano karami ang hindi nakakilala sa Kanya! Hindi nalamang Siya Iyon. At sila na nasa malapit lang mismo kung saan Siya naroroon; 'yan ang nakakaawang bahagi.

69 'Yung mga lumakad kasama Niya, at nakita Siya sa kalye, at iba pa . . . sila—hindi nila nakilala kung Sino Siya, dahil nakita ni Satanas na taglay Niya ang—ang pinakamaruming pangalan na maibibigay sa isang tao. Tinawag Siya ng sanlibutan (ng natural na mundo) . . . Siya—tinawag Siyang isang anak sa labas (dahil sinabi nitong "'yung ina, ay magiging ina sa Kanya, sa piling ni Jose, bago pa man ito ikasal sa kanya"). Kaya Siya'y binigyan nito ng isang pangalang bastardo.

70 At muli, ang—nakita Siya ng iglesya sa Kanyang dakilang kapangyarihan sa paghahayag. Paghahayag ng ano? Hindi paghahayag ng isang kredo! Inihahayag Niya ang Salita! Siya ang Pinahirang Salita, Mismo. At nang makita nila iyang nagkakatotoo na (ang paghahayag, ang Pinahirang Mesiyas), tinanggihan nila Ito. Hindi nila Ito gusto. Wala Ito sa panlasa nila. 'Yan ang masaklap na bahagi. Ilan ang . . .? Isipin n'yo nga iyon! Katulad lang dun sa ibang panahon.

71 Kita n'yo, bawat isa'y may kanya-kanyang pagpapakahulugan sa Salita. Iyan ang . . . ang dahilan kaya't hindi nakilala ng Israel si Moises. Iyan ang dahilan at hindi nakilala ng mundo si Noe. Iyan ang dahilan at hindi nakilala ang lahat ng mga propeta. Meron silang kanya-kanyang pagpapakahulugan sa Salita. Ngunit ang Diyos, sa bawat kapanahunan, ay nagkaroon ng Kanyang Mesiyas. Kita n'yo? Ang tanggihan ang Mensahe ni Noe, ay pagtanggi sa Diyos. Ang tanggihan si Noe, ay ang mamatay. Ang tanggihan si Moises, ay ang mamatay. Iyon ay . . . Sila ang mga Pinahirang Mesiyas para sa panahong 'yon, ang Salita na ipinangako para sa kapanahunang iyon. At nang dumating si Jesus, Siya ang kapuspusan ng Salita.

72 Ang Diyos, Mismo, ginawang anyong tao, na may mga buto at laman; Ang Pinahiran. At dapat nakita na nila 'yan. Ngunit alam n'yo kasi, 'yung kanilang—kanilang daigdig ng iglesya ay masyado nang nagdagdag dito at bumawas naman dito at—at kung anu-ano pa, hanggang sa nagkagulo-gulo na lahat 'yon hanggang sa sila—nagtiwala sila sa kanilang iglesya sa halip na sa—sa Salita. At nang makita nila ang kanilang iglesya na pinahiran, kung gano'n ay inakala nilang may dakilang bagay na nangyayari. Pero nang makita nila ang—ang Salita na pinahiran, kung gano'n ay sinabi nila, "'Yan ay kapanatikuhan. Ang taong ito'y isang diyablo, isang Beelzebub." Dahil salungat na salungat

’yon sa kanilang iglesya hanggang sa . . . kredo ng iglesya nila at kung ano’ng ginawa nila. At ganun nga sa bawat pagdating ng isang propeta, ang iglesya ay magiging magulong-magulo.

73 Ipinadala ng Diyos ang Kanyang mga kautusan at binigyan sila ng isang tipan. At papasok naman ang saserdote at paghahati-hatiin, at daragdagan, at kukuha sa banda rito, at bubuo ng isang kredo mula rito. At pagkatapos, palilitawin ng Diyos mula sa kung saan, ang isang taong pinahiran na pinatindig sa kapangyarihan ng Espiritu. At lagi naman siyang kinamumuhian ng mga saserdote, ng mga hari. At—at kung saan ang mga bulaang propeta ay suot ang kanilang malalambot na damit, at naglalakad nang may kababaang-loob, at maamo sa gitna ng mga hari at mga saserdote, para makatanggap ng mga bigating pangalan at—at mga bagay-bagay. Pagkatapos ang tunay, na totoong propeta, ay dumating mula sa kung saan, wala sa kanilang mga organisasyon.

74 Saan—saan nagkaroon ng gano’n sa Biblia, kung saan ang Diyos ay pumili ng isang saserdote at ginawa itong isang propeta? Saan makikita kailanman na ang Diyos ay pumili ng isang eklesiyastikal na teologo (taong sinanay, taong sinanay sa teolohiya) at ginawa itong isang propeta? Wala kailanman sa mga kasaysayan ng kahit saan, na ginawa nga Niya iyon, sa alinmang kapanahunan . . . na ginawa nga Niya iyon. Kailangan Niyang lumayo sa sistemang ’yan, at palitawin ito. At ’yan ang ginawa Niya rito.

75 Si Jesus, nang ipanganak Siya sa Betlehem ng Judea, mula sa isang mahirap na pamilya, at wala Siyang anumang pagkakakilanlan na alam nila, isa sa mga tribo lamang ng—ng Juda, at ’yung Kanyang ina at ama ay mula sa angkan ni David; at kinailangan nilang magpunta at magbayad ng buwis. At heto Siya, isang binatilyo, naglilibot . . . walang ginawa kundi guluhin ang mga simbahan. At Siya’y kinamuhian nila. At wala silang masabi kundi talagang gumawa nga naman ng mga himala ang taong iyan. Binanggit ni Pedro ’yan noong Araw ng Pentecostes, ang sabi, “Si Jesus, na taga-Nazaret, isang Taong hinirang ng Diyos sa ating kalagitnaan, na ang Diyos ay sumasa-Kanya.” At hindi para magdagdag sa Kanyang Salita o anuman; para gawin itong mas malinaw: “Siya ang Diyos na nagkatawang-tao na kasama natin. Ang Diyos na kasama natin.”

76 At sa pagbanggit nung kamakalawa ng gabi, na si Moises, nakatayo doon na nakapaloob ang kamay niya sa kanyang dibdib, siya . . . iyon ay ang Diyos na nakay Moises. Siya . . . (na itinatago ang mga lihim sa kanyang puso), at iniunat itong namumuti sa ketong. Pagkatapos ay ipinasok itong muli sa kanyang dibdib at pinagaling ito, at pagkatapos ay iniunat itong muli sa atin nang isugo Niya ang Espiritu Santo; na siyang Diyos, pa rin, sa ibang anyo lang noong Araw ng Pentecostes. At tinatanggihan natin Ito. Hindi natin Ito gusto. Ganyan

ang ginawa nila noon. Malamang ay sa ganyang paraan natin gagawin 'yon sa kasalukuyan.

77 Nakikita natin, bawat tao'y may kanya-kanyang pagpapakahulugan. Kaya nga masyado na itong nakakalito. Ngunit alam n'yo, sinabi ng Biblia, na, "Ang Salitang ito ay walang pansariling pagpapakahulugan." Hindi Nito kailangan ng Presbyterian na pagpapakahulugan Dito. Hindi Nito kailangan ng Baptist na pagpapakahulugan. Ni hindi rin Nito kailangan ng isang Pentecostal na pagpapakahulugan. Ang Diyos ang sarili Niyang tagapagpaliwanag. Sinabi Niyang gagawin Niya ito, kaya ginagawa lang Niya ito, at tinatapos na niyan ang usapan. Kaya nga nakikita nila ang Salita ng pangako na pinahiran at pagkatapos kanilang—hindi nila matanggap Ito. Kita n'yo, dahil Ito'y salungat sa kanilang—kanilang mga kredo.

78 Kung ano ang magiging anyo ng Mesiyas (Ang Pinahiran), at kung ano ang gagawin Niya; 'yon ay malayo sa kanilang pagkakaunawa. At pagkatapos nang iyon ay basahin sa kanila mula sa Mga Kasulatan, kung ano'ng gagawin Niya, hindi pa rin nila naintindihan Iyon. Dahil nang lumusong itong mga pantas, mula roon sa Babilonia, sila'y tipong nasa gawing hilagang-silangan mula sa Jerusalem, at tumanaw at nakita ang Talà na 'yon na patungong kanluran. Sinundan nila Iyon sa loob ng dalawang taon, lumusong patawid sa Ilog Tigris, at patawid sa mga lambak at sa Sinar, at nagpatuloy pababa, dumating sa punong siyudad ng lahat ng mga relihiyon. Ang pinakadakilang relihiyon sa daigdig, sa loob ng templo, sa Jerusalem. At paakyat-baba sa mga daan na ang sinasabi'y, "Nasaan Siya? Nasaan Siya na ipinanganak na Hari ng mga Judio?" Aba, walang kaalam-alam ang kahit sino tungkol dito. Iyon ay kakaiba.

79 Nakagawa pa nga ito ng alingasngas sa Sanhedrin... pinagtatawág ang mga iskolar at sinabing, "Basahin n'yo sa Mga Kasulatan kung saan ang isang Mesiyas..."

80 At nagsialis naman ang mga ito at kinuha ang—ang Mga Kasulatan at binasa nang malakas na si Mica ay nagsabing, "Mula sa...Judea...Betlehem ng Judea, hindi ba't ikaw ang pinakamunti sa lahat ng mga prinsipe? Gayunman mula sa iyo ay lalabas ang tagapamahalang ito."

Kita n'yo, sa halip na mag-imbestiga, binale-wala lang nila ito, "Hay naku, isa itong bungkos ng kapanatikuhan." Kita n'yo? Kaya nga tinanggap ng mga pastol ang Mensahe. Kita n'yo, hindi nila....Meron silang sarili nilang pagpapakahulugan, kaya nga, sila—nalampasan nila 'yung talagang tunay na bagay.

81 Ngunit katulad ng dati pa, kapag dumating Siya, darating Siya nang gayung-gayon nga sa paraang sinabi ng Salita na darating Siya. Dumating Siya sa siyudad nang gayung-gayon nga, sa ating teksto ngayong umaga, sa paraang sinabi ng Salita

na darating Siya. At ang sabi nila, “Sino ’yon?” Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin? Nakilala na nila dapat kung sino ’yon. At dito . . . hindi ang daigdig sa labas, kundi ang daigdig ng iglesya ay nagsabi, “Sino ’yon? Sino ba ito?” Samantalang, doon, malinaw nang sinabi ng Mga Kasulatan na sa gayung-gayong paraan nga Siya darating. At sabi nila, “Sino ’yon? Sino ba itong tao na ’to? Tungkol saan itong lahat ng emosyon? Patigilin nga sa pagkakalat ng ingay na ’yan. Pinapakaba kami niyan.” Oo. Kita n’yo? Ang . . . Kita n’yo? Ang mismong bagay na kanilang ipinanalangin ay naroong abot-kamay na nila mismo, at hindi nila Siya nakilala. At dumating Siya nang gayung-gayon sa paraang sinabi ng Kasulatan na darating Siya. At kung darating nga Siya ngayon, darating Siya sa gayong paraang sinabi ng Kasulatan na darating Siya. Lagi Siyang dumarating ayon sa panlasa ng Salita ng Diyos, at hindi sa panlasa ng kung anong haka-haka ng isang teologo tungkol dito.

82 Siyanga pala, alam n’yo ba na ang Salita ng Diyos ay hindi kailanman dumating sa isang teologo? Hanapin n’yo sa Mga Kasulatan kung saan dumating nga Ito sa isang teologo. Hindi dumarating ang Salita sa mga teologo; hinding-hindi talaga. Pero kita n’yo, kung ang Salita ay nahayag ngayon, ang Salita para sa panahon natin, Ito’y magiging ayon sa panlasa ng Salita ng Diyos. Hindi sa panlasa ng haka-haka ng kung sino. Kukunin ng Diyos ang Kanyang Salita na ipinangako para sa panahong ito, at papahiran Ito, at mangyayari Ito. ’Yun lang. Walang paraan para mapigilan Ito sa pagkakaroon ng katuparan. ’Yon ay gagawin pa rin naman Nito, maging ano pa man ang sabihin ng iglesya at ano pa man ang pinaniniwalaan ng lahat ng iba pa sa kanila. Ito . . . Gagawin pa rin naman Ito ng Diyos. Kaunting-kaunti lang ang kailanma’y makakaalam ng tungkol dito. Tama ’yan, kaunting-kaunti lang. Ito’y dati nang ganyan.

83 Kita n’yo, dahil sa kanilang sariling pagpapakahulugan, wala na silang iba pang magawa dahil nakasandig sila sa kung ano ang sinabi ng simbahan sa kanila. Ngunit darating Siya . . . Lagi Siyang dumarating noon . . . Dumating Siya noon, ibig kong sabihin, at gagawin Niya sa tuwing darating Siya, at bawat bagay na gawin Niya, ’yon ay magiging ayon sa panlasa ng Salita. Kaya samakatwid, hindi tayo maaaring maglagay ng kumpiyansa sa kung ano ang sinasabi ng ibang tao. May iisang bagay lamang na maaari mong paglagyan ng kumpiyansa, at ’yon ay ang Salita. At ang Salita ay Diyos. At ang pinahirang Salita ay ang Mesiyas; ang pinahirang Salita ng takdang panahon. Gaano kaganda! Nalampasan nila ito, ang Salita; ang tama . . . Nagkaroon sila . . . Ang Salita ay laging tama, pero ang pagpapakahulugan nila Rito ay mali.

84 Iniisip ko kung itong dakilang bagay, itong Ecumenical Council na meron tayo ngayon sa mundo, at World Council of Churches na nabubuo nang magkasama ay pinapag-iisa

tayong lahat . . . Iniisip ko kung napagtatanto kaya nila kung . . . Ganyang-ganyan nga ang sinabi ng Mga Kasulatan na gagawin nila. Pero akala nila'y iyon na ang pinaka-kahanga-hangang bagay sa daigdig, na tayong lahat ay makapagkakapit-kamay at magkakaisa. Ang sabi, "Ipinagdasal ni Jesus na nawa'y maging isa tayo." Totoo 'yan. Pero hindi pagiging isa na katulad niyan.

85 Ang sabi Niya, "Maging isa kayo tulad ng Ako at ang Ama ay iisa." Oo, maging ganyang klase ng pagiging isa. Kung gayon papaano magiging ganun 'yan? Ang Salita na nasa atin ay magiging siyang pinahirang Salita. Iyan ang pagiging isa ng Diyos. Kita n'yo, ang pagiging isa ng Diyos ay ang pinahirang Salita na nasa iyo. Kita n'yo? At pagkatapos ikaw ay nagiging isang anak (isang mesiyas) ng kapanahunan.

86 Sa kasalukuyan natutuklasan nating halos ganun din ang mga tao. Hindi nagbabago ang mga tao. Ang mga taong ito ay nahati sa tatlong grupo. At titingnan natin 'yan sa loob ng ilang minuto ngayon. Alam kong medyo mahuhuli ako ng takbo, kung ayos lang sa inyo. Sadyang napakabagal ko, ako—ako—ako lang . . . Hindi ko alam; ako—papasok ako at maglilista ng Mga Kasulatan, at ilang mga talâ. At pagkatapos ako—aabot ako doon at ang—kukuha ang Espiritu Santo ng isa, at ako—ako—ako—ako . . . para bang wala nang katapusan dito. Basta patuloy lang ito nang patuloy. Pero, ngayon, sa teksto natin.

87 Nahati sila, roon, sa tatlong magkakaibang grupo, na may tatlong magkakaibang opinyon. Naniwala sa Kanya 'yung iba. Namuhi sa Kanya 'yung iba. At hindi naman alam nung iba pa kung ano'ng gagawin.

88 Kita n'yo? Sa ganyang—sa ganyang paraan natin nakuha ito. Ipinangaral ko ang, palagay ko sa iglesyang ito, dati: *Mga Mananampalataya, Mga Nagkukunwang-mananampalataya, at Mga Di-mananampalataya*. Silang tatlo ang nasa grupo, kayo—meron kayo niyan kahit saan. Ito ay tatlo sa grupo, din; nakikita itong kalagayan ng mga tao na dati nang gano'n. Makakabalik pa tayo sa panahon noon at makakayang patunayan, laging ganyan ang kalagayan ng mga tao. Dati na silang nasa ganyang uri ng sitwasyon.

89 Pagkatapos nakikitang dati na itong ganoon lagi, kung gano'n nadadala tayo nitong maniwala na dinisenyo ng Diyos ang mga tao na maging ganyan. Aba, magagawa Niya na 'yung kaaway Niya ay purihin Siya. Bawat bagay . . . Si Pablo, sa pagsulat, sa Mga Romano, sa ika-8 kabanata, ay nagsabi, "Oh, hangal na tao. Maaari bang—maaari bang sabihin ng palayok sa magpapalayok, bakit ginawa mo ang aking . . . mo akong ganito? Wala ba Siyang kapangyarihang gawin ang isang sisidlan sa ikapupuri at ang isa'y sa ikahihiya?" Paano kung wala Siyang ginawang gabí? Hinding-hindi mo mapapahahalagahan ang liwanag ng araw. Kung puro na lang liwanag ng araw,

hindi mo malalaman kung paano pahalagahan ito. Paano kung walang anumang karamdaman? Hindi mo kailanman malalaman kung paano pahalagahan ang mabuting kalusugan. Paano kung walang masasamang tao? Walang masasamang babae? Ang isang mabuting babae ay hindi mabibigyang-dangal. Kita n'yo? Hindi nila . . . Hindi mapapasa-kanya ang karangalan, dahil ito'y sadyang ganyan lahat, ito'y sadyang isang tiyak na bagay. Pero ito'y isang batas ng salungatan.

90 Ginagawa itong gano'n ng Diyos: ang isa para maging labis na kahiya-hiya, upang maipakita 'yung isang marangal; ang isa para maging gano'n kagrabe ang mali, ipinapakita nito . . . Kung hindi man, 'yan ang magiging siyang tamang bagay. Kung walang . . . Hindi magkakaroon ng pekeng dolyar hanggang sa magkaroon muna ng tunay na dolyar. At saka ang peke ay . . . Kung ginawa itong peke sa umpisa pa lang, kung gano'n ito 'yung isang tunay. Pero ito'y—ito'y isang kopya. Hindi maaaring magkaroon . . . Hindi maaaring magkaroon ng kasalanan hanggang sa magkaroon muna ng katuwiran. Dahil ang katuwiran ay ang—ang tamang bagay, at ang kasalanan ay ang pagbaluktot sa katuwiran. Sa iba pang salita, ang isang katotohanan ay isang katotohanan. Hindi maaaring maging isang kasinungalingan ang isang kasinungalingan hanggang sa magkaroon muna ng isang katotohanan; para baluktutin ang katotohanang iyan at gawing isang kasinungalingan. Kaya lahat ng kasalanan ay walang iba kundi katuwiran na binaluktot. Samakatwid, may isang sistema sa mundo.

91 Dalawang sistema; at 'yung isa sa mga ito ay ang *matuwid* na sistema, at 'yung isa naman ay isang *baluktot* na sistema. At 'yung isa sa kanila ay Salita ng Diyos, na siyang tama; at ang salita ng bawat tao ay kasinungalingan. At itong makadenominasyong sistema na meron tayo sa kasalukuyan, bumubuo ng isang World Council of Churches para makagawa ng isang tanda ng hayop upang palitawin silang magkakasama, ay ang maling bagay. At ang mga tao'y bulag na lumalakad dito.

92 Inilagay ng Diyos ang bagay na 'yon sa lupa nang sa gayon ay mailigtas sila. Pero iniisip nila na ito'y isang bungkos lang ng kapanatikuhan. Hindi nila ito gusto. Tinatanggihan nila ito. Iniisip nilang may kailangan silang gawin tungkol dito. Kailangan nilang gumawa ng sarili nilang sistema. Nailagay na ng Diyos dito ang sistema, ang Kanyang Salita. Pero ayaw natin Niyan. Kaya nasusumpungan natin ang ating mga sarili ngayon, na katulad lang ng kung ano sila noon.

93 At ngayon, nakikitang ang mga tao'y dinisenyong maging gano'n . . . Pansinin, sasabihin mo . . . Alam kong marami akong nakukuhang oras, pero ayokong panay na lang ang tingin diyan dahil pinakakaba ako nito. Kita n'yo?

94 Pulitika; ngayon kunin nating halimbawa. . . Kunin lang natin bilang halimbawa . . . para makita kung ang mga tao nga'y dinisenyong maging nasa tatlo—tatlong klase. Kunin natin ang pulitika. May ilan na mainit ang pagsuporta sa isang tao. At kinamumuhian naman siya ng isa pang grupo. At 'yung isa pang grupo ay hindi alam kung ano'ng gagawin tungkol sa kanya; hindi nila alam kung alin, at nililito sila nito.

95 Sabi *nitong* isang tao, "Naku, isa siyang dakilang tao. Siya—siya ang magiging pinakamahusay na Presidente para sa atin."

Ang sabi naman *nung isa*, "Siya'y walang iba kundi isang suwail."

96 Pagkatapos ang sabi ng *nakapagitna*, "Ngayon hindi ko alam ang gagawin." Kita n'yo? Kita n'yo, dinisenyo tayong ganyan. Ginawa tayong ganyan. Ganyan talaga ang mga tao. Kinailangang maging ganyan para maisakatuparan ang dakilang plano ng Diyos. At para maisagawa ang Kanyang layunin na isasakatuparan Niya sa ibabaw ng lupa, ang tao'y kinailangang idisenyo nang pagano'n. Ang isa ay *tama*. Ang isa naman ay *mali*. At 'yung isa naman ay *nakapagitna* sa dalawa. Dati nang ganyan ito.

97 Pansinin, lagi nilang ginagawa iyan hanggang sa hindi na nila alam. . . 'Yung taong nakapagitan, hindi maganda ang puwestong ito dahil: maipapakita ng isa 'yung sitwasyon, kung bakit ipinapalagay niyang tama siya; maipapakita nung isa pa kung paano niya ipinapalagay na mali naman siya; at 'yung isang nasa gitna ay walang kaalam-alam tungkol sa sitwasyon, hindi niya alam kung saan babaling. At sadyang ganyan nga sa relihiyon. Ginagawa ng mga tao ang gayon ding bagay tungkol sa kanilang patutunguhang Walang Hanggan.

98 Ngayon makakasakit tayo, sandali muna. Ginagawa nila 'yon tungkol sa kanilang patutunguhang Walang Hanggan. Isang lalaki ang bababa rito sa ganitong—sa ganitong. . . para kumain. At kapag nakakita ka ng isang gagamba sa iyong isang mangkok na sopas, gugustuhin mo nang idemanda iyang kumpanya o iyang restawran. Aba, hindi mo kakainin 'yung ganyang sopas, magkakalason 'yon. Ikaw—ikaw—ikaw—hindi mo na hihigupin pa 'yon, isang malaking ipis o kung ano na nalaga sa isang mangkok na sopas. Aba, hindi mo na gugustuhin pang kunin 'yon. Isipin mo lang ang tungkol dito'y magkakasakit ka na. Pero ganun pa man, hahayaan mo ang kung anong pulutong ng mga teologo na itulak sa iyong lalamunan ang isang bagay na tatangayin ka ng isang milyong milya palayo sa Diyos, at iinumin iyon. Samantalang, "Ang tao'y mabubuhay sa bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Diyos." Ito'y isang kadenang kinasasabitan ng iyong kaluluwa sa ibabaw ng impiyerno. At gaya ng nasabi ko na dati, "Ang isang kadena ay pinakamatibay sa pinakamahinang kawing nito."

Isang kawing ang sirain . . . 'yun lang ang kailangan mong gawin ay ang sirain ang isa sa mga ito; 'yun lang. Ang lahat ng iba pa'y makakalas kasama nito. Ito'y kasinglakas lang ng pinakamahinang kawing nito.

99 Ngayon . . . At ang isang taong alam na kung kakainin mo iyang sopas na may gagambang lason sa loob nito, malamang ay magkasakit ka na dahil dito. Kakailanganin mong magpaospital, at—at pabobombahan ang iyong tiyan at labis-labis na hirap ang pagdaraanan. At maaari pa nga itong makapatay sa 'yo. Pero, naman! Ika'y . . . Aba, hinding-hindi ka na gagawi sa isang lugar na tulad niyan. Hinding-hindi mo na gugustuhing pumasok uli sa loob, dahil ikaw—ikaw—natatakot ka nang baka malason ka at mamatay. At pagkatapos ay talagang siguradong makikianib kayo, ilalagay ang mga pangalan n'yo sa mga libro, at ipaglalaban ang mismong sanhi ng bagay kung bakit sinabi ng Biblia na, "Hindi nito pinarurusahan ang inyong katawan, kundi dinadala ang inyong kaluluwa sa impiyerno." Kita n'yo? Talagang nakapagtataka na ganun nga ang ginagawa nung mga tao. Sila—sila'y nakapag . . . Kinukuha nila 'yung kanilang patutunguhang Walang Hanggan, ibinabatay ito sa kung anong terminong pang-teolohiya. At maaari mong dalhin sa kanila ang Kasulatan, sabihin, "Ito ang sinabi ng Biblia. Heto ito nandito mismo."

100 At titingnan Ito ng teologo, "Naku, 'yan ay para sa ibang panahon." Kita n'yo? At nakikinig ka naman sa kanya. Tingnan mo kung ano'ng sinasabi ng Diyos. Ang talagang, tunay na Cristiano'y nakikinig lamang sa Salitang iyan, at 'yun lang. Ang tao ng Diyos ay nabubuhay sa pamamagitan ng Tinapay na 'yan.

101 Pansinin, ang ilan—ang ilan ay naniniwala sa Salita. Samantalang 'yung iba naman ay naniniwala sa kanilang makadenominasyong pagpapakahulugan. At meron pang iba, dahil sa kalituhang ito, na hindi malaman kung anong paniniwalaan.

102 Ngayon ang sabi nung *iba* sa kanila, "Naku, itong World Council of Churches, 'yan ang magiging tampok na bagay. Papag-iisahin tayong lahat nito. Naku, 'yun na nga iyon."

103 At sinasabi naman nung *iba pa*, "Naku, sa Diyablo 'yon! Heto 'yon sa Kasulatan."

104 Pagkatapos 'yung *taong hindi nag-uukol ng panahon* para maupo at manalangin at alamin iyon, ang sabi niya, "Hay naku, kalimutan mo na 'yon." Oo. Kalimutan 'yon? Ang iyong . . . sa iyong pahayag, kapatid, sa iyong posisyon, sa anumang termino na tanggapin mo, ay dadalhin ka sa iyong patutunguhang Walang Hanggan kung saan ka mananatili magpakailanman. Huwag mong gawin 'yan.

105 Nararapat sa atin ang maupo sa tuwing lumilitaw ang anumang katulad nito. At ang isang katanungan, katulad nung

mga araw ni Jesus; nang dumating ang mga iyon, ang sabi ng iglesya, “Naku, isa lang Siyang suwail. Wala Siyang kuwenta.”

106 Ngunit ang sabi ng Isa, “Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan.” Sabi Niya, “Sa Kanila ay iniisip ninyong kayo’y may Walang Hanggang Buhay, at Sila ang nagsasabi sa inyo Kung Sino Ako.”

107 Kung gano’n ang mga kalalakihan, mga kababaihan, na may ano pa mang maka-Cristianong kalagayan, o interes sa kanilang patutunguhang Walang Hanggan, ay dapat na saliksikin ang Mga Kasulatan at alamin Kung Sino Siya. Kung gayon ang tanong ay hindi na sana naging, “Sino ba ito?” Ang sasabihin nila, “Heto Siya!” ’Yan ang pagkakaiba. Kita n’yo, ang tao ’yon, sila—sila—sadyang nadadala silang maging ganyan. Ang iba’y itinalaga sa gano’n. Mahirap sabihin ’yan, pero totoo ’yan. Ipinapakita nito ’yon. Kita n’yo?

108 Ngayon, sa kasalukuyan, may *ilang* magsasabing, “Sinasampalatayanan ko ang Salita. Ang Salita ay Katotohanan; bawat Salita nito.”

109 Sasabihin naman ng *iba*, “Ah, ’yung mga pastor namin ay nagpupunta at pinag-aaralan ’yung ganyang klase ng. . . Alam nila kung ano’ng sasabihin tungkol Diyan.”

110 May *isa* namang nagsabi, “Naku, hindi ko alam. Sinalihan ko ang isang *ito*. Hindi ko ’yon nagustuhan. Lumipat naman ako sa banda rito at sinalihan *itong* isa. Ako—hindi ko alam kung kanino ako makikimiyembro.” Kita n’yo? Sadyang ganyan nga ito noon, iisang klase ng umpukan ng mga tao. Buweno dati nang ganyan noon, sa pasimula pa lang, at mananatili itong gano’n.

111 Ngayon isaalang-alang natin ang Katotohanan ng Biblia tungkol sa bagay na ito, at alamin kung Ito nga’y tama; sa loob lang ng ilang minuto ngayon. . . Si Adan. . . Sa pasimula ay nag-umpisa ’yon na kagaya nito, kung paano natin ito nakuha mismo sa kasalukuyan, hindi pa nagbabago ni katiting. Si *Adan* ay isang “mananampalataya.” Si *Satanas* ay isang “di-mananampalataya”; hindi niya sinampalatayanan ang Salita. Kaya naman ginamit niya si *Eba*, na “hindi sigurado” kung Ito nga ba’y tama o hindi. Kita n’yo? Si Satanas, na di-mananampalataya. . . Ang sabi ng Diyos, “Sa araw na kumain kayo diyan, sa araw ding iyan kayo mamamatay.”

112 Ang sabi ni Satanas, “Hindi Iyon tama.” Kita n’yo, at hindi niya sinampalatayanan Iyon. Si Adan ay talagang sinampalatayanan Iyon. Kaya ginamit niya ’yung isang nakapagitna. Sadyang di nila masabi. . . sadyang di masabi ng babae.

113 Ngayon, pansinin, ’yung babae rito ay inirerepresenta ’yung magiging makadenominasyong iglesyang tinatawag na nobya. Ang lahat ng iyon ay sumulpot sa Genesis. Isa itong binhi. Magsimula ka sa Genesis; makukuha mo nang tuluy-tuloy ang

’yong larawan. Kita n’yo? Ngayon, dito, inirepresenta ng babae ang iglesya ng panahong ito dahil may mga nagsasabing (bale kunin natin ’yung mga Presbyterian, at mga Lutheran, at silang lahat na nangagsisisulputan, itong mga negosyante at iba pa), “Nais naming magkaroon . . . Gusto namin ng bautismo ng Banal na Espiritu. Kami—gusto naming magkaroon Nito.”

114 Napagtatanto n’yo ba ang araw na maaaring kinaroroonan na natin? Kita n’yo? Maaaring hinding-hindi na nila Ito makukuha pa. Alam n’yo bang sinabi ni Jesus, “Kapag sila, ang mga natutulog na birhen . . . ”?

115 Ngayon, alalahanin, nagsidating ’yung mga natutulog na birhen para humingi ng langis. Iyon ay ganap na naselyuhan na. Hindi niya Iyon nakuha. Hindi niya kailanman nakuha Iyon. Napagtatanto n’yo ba na pagkatapos umalis ng Nobya, naagaw na paakyat sa Langit, ay magpapatuloy pa rin ’yung mga iglesya, iisipin ng mga tao na naliligtas sila at lahat na kagaya lang ng dati na nilang ginagawa. Magpapatuloy katulad lang noong mga araw ni Noe. Nagpatuloy pa rin sila sa kainan, inuman, at lahat na kagaya ng dati na nilang ginagawa. Hindi nila alam ’yun, pero sarado na ang pintuan. At maaari nga, mga kaibigan, na ang pintuan ay isasara na anumang oras. Maaaring nakasara na, sa abot ng nalalaman ko. Hindi natin alam.

116 Kakaunti lamang ang mga makakapasok. Alam natin na “Gaya noong mga araw ni Noe (walong kaluluwa ang naligtas), gayun din naman sa pagdating ng Anak ng tao.” Iilang kaluluwa lamang ang maliligtas. Hindi ko sinasabing walo. Maaaring walong daan o . . . Ako—hindi ko alam kung gaano karami. Walong libo . . . Ako—hindi ko alam. Walong milyon . . . Ako . . .

117 Ngunit alam n’yo, ang Nobya ay hindi lamang bubuuin ng kung anong maliit na grupong naririto lang ngayon sa lupa. Nung ikapitong pagbabantay, nang dumating Siya, lahat ng mga birheng iyon ay nagsitayo at inayos ’yung kanilang mga ilawan. Mula pa sa kauna-unahan, bawat isang naniwala sa pinahirang Salita hanggang sa buong kapanahunan, ay dumating. Katulad ng piramide (’yung ibabang bahagi), at umabot sa . . . Ngunit kinailangang dumating ang batong panulukan para tipunin ang buong bagay at gawin itong isang—isang piramide. Kita n’yo, pagsama-samahin ito. Ngayon, ang Nobya ay bubuuin ng lahat nung mga magmumula pa sa lahat ng mga kapanahunan, na nagsisampalataya at tumanggap kay Cristo bilang kanilang Tagapagligtas.

118 Ngayon, hindi sigurado si Eba. Sinabi sa kanya ni Adan, ang sabi, “Ngayon, sabi ng Diyos, Honey, na, ‘Sa araw na kainin mo ’yan, sa araw ding iyon ay mamamatay ka.’”

119 Pero ang sabi nila . . . Ang sabi ni Satanas, “Tiyak namang hindi tama iyan. Isipin mo nga ang isang—isang Ama na itatrato ’yung Kanyang mga anak . . . Kaunting katuwaan lang,

isang bagay na tulad niyan. Tiyak namang Ito'y hindi ganun." Kita n'yo?

120 At ano ang binalingan ng babae sa bandang huli? Bumaling siya sa "tiyak naman." At sadyang ganyang-ganyan ang ginagawa ng iglesya ngayon, ganyang-ganyan. "Naku, *tiyak naman*. . . Kami'y isang dakilang iglesya. Kami'y isang dakilang lipon ng mga tao. Matagal na kaming. . . Itong lahat ng bagay na tinatawag nilang kapanatikuhan sa labas dito, ito—itong bagay na tinatawag nilang bautismo ng Banal na Espiritu at lahat, walang-kuwenta 'yan! Kita n'yo, iyan. . . Walang ganyang klaseng bagay. Ah, *tiyak naman*. . . Nagbabayad ako ng ikapu. Nagsisimba ako. 'Yung nanay ko'y dumalo sa. . . Tiyak namang ang Diyos. . . " Pero, iba ang sinabi ng Diyos, at magiging ganyan nga ito, sadyang nasa panlasa ng Kanyang Salita. Sinabi Niya kung magiging ano itong iglesya ng Laodicea. Meron akong isang espesyal na librong lalabas, tungkol dito, malapit na malapit na, kung loloobin ng Panginoon, kita n'yo, tungkol sa Laodiceang ito, para ipakita na ito'y tapos na, at siya'y naselyuhan na sa loob, at si Cristo'y nasa labas. Hindi kailanman sinabing bumalik Siyang muli, alam n'yo. Kaya nakikita natin ito sa kasalukuyan, inilalabas ang Salita, tulad lang ng kung ano ito noon pa.

121 Ngayon, pansinin, si Moises, na pinahirang Salita. . . o tawagin natin siya alinman sa. . . Umaasa akong maiintindihan n'yo, kapag sinabi kong siya ang Mesiyas. Siya ang pinahirang Salita na ipinangako para sa panahong iyon. Si Moises nga'y gano'n! Naniniwala ba kayo diyan? Sigurado, ang salita—ang salitang *Mesiyas* ay nangangahulugang "ang pinahiran." Kita n'yo? Ngayon, si Noe *ang pinahiran* noong panahon niya. Nabanggit ni Abraham na magkakaroon. . . Ang sambahayan niya'y pansamantalang mananatili nang apat na raang taon sa pagkaalipin, at sila'y ilalabas ng isang makapangyarihang kamay, at ano'ng ipapakita niya: 'yung kanyang mga tanda at mga kababalaghan. . . at—at 'yung mga henerasyong sasama, at kung ano'ng gagawin. At nakatayo roon si Moises, iyang *pinahirang Salita* ng panahong iyon. Kaya nga kaya niyang ipaloob 'yung kamay niya sa may dibdib. Bakit? Nakatayo siya sa Harapan ng Diyos. Amen! Ang dakilang Kaluwalhatiang Shekinah ng Diyos nakapalibot sa kanya. Bawat ikilos niya'y inirerepresenta ang Diyos. Diyan dapat nakatindig ngayon ang iglesya. Tama! Sa halip na 'yang, nakatutok tayo sa kung anong pag-iingit tungkol sa kung anong makadenominasyong bagay.

122 Ngunit si Moises ay nabalani, at tumabi siya. At naroon iyang Haliging Apoy na nakabitin doon sa palumpong na 'yon. At heto nakatayo si Moises na pinahiran. Walang kaduda-dudang ni hindi alam nung tao kung ano'ng ginagawa niya. 'Yung mga simbolong ibinigay sa kanya noong nakatayo siya doon na hawak ang kanyang tungkod ng pastol, at alam na iyon

ay magiging isang tungkod sa ilang. Naging isang serpiyente 'yun, pagkatapos ay naging siyang katubusan sa kasalanan; ang serpiyenteng 'yon ay naging ganun nga, sa ilang. Lahat ng mga bagay na ginawa niya . . . Ang mga iyon ay mga tanda at mga tinig na nangungusap sa mga tao. Kita n'yo, may bagay na nakakonekta sa kanya. At baka nga hindi pa alam mismo ni Moises iyon, pero siya ang pinahirang Salita ng panahong iyon. Siya ang pinahirang Mensahero. Kaya kung siya nga ang Mensahero ng panahong 'yon, siya ang Mesiyas ng panahong 'yon. Siya *ang pinahiran*.

Ngayon, siya, si Josue, at si Caleb, ang mga mananampalataya sa grupo (pansinin) at sinikap ituro sa iba ang Katotohanan. Ngunit kita n'yo, si Satanas (sina Datan at Kora) ang naging dahilan kaya nangamatay 'yung iba sa disyerto. Ngayon, ano ba'ng problema noon?

123 Tinawag ng Diyos si Moises. Ayaw nitong magpunta. Ang mga propetang iyon ay may kung anu-anong bagay na dapat gawin hanggang sa sila—sila . . . Iyon ay isang bagay na mahirap gawin. Ayaw nilang lumabas, at mapulaan. Gusto nilang makipagkapatiran at sumama sa lahat ng iba pa sa kanila at—at makisama sa mga kapatiran. Ngunit alam n'yo, tulad lang ng . . . palagay ko . . . nakalimutan ko kung sino'ng propeta iyon, ang sabi, "Kung . . . hindi ko gustong gawin ito," (sa iba pang salita) "ngunit magliliyab ang buong puso ko. Ang Diyos ay nagsalita at kailangan kong ihatid Ito." Kung magustuhan man nila Ito; kung ipako man nila siya sa krus; kung batuhin man nila siya; ano pa man ang gawin nila . . . Ang Diyos ay nagsalita sa kanyang puso, at kailangang sabihin niya Ito. Hindi para maging iba, kundi maging masunurin. "Ang pagsunod ay mas mabuti kaysa alay; ang pakikinig, kaysa taba ng mga lalaking tupa." Kita n'yo, Ito'y nasa puso niya. Kailangan niyang gawin 'yon. Iyon ang kanyang Buhay. Hindi niya kayang pigilan Ito. May kung anong bagay, isang pintig, na tumulak sa kanila. Hindi nila magawang pagpalain Ito o sumpain Ito. Ang Diyos ay may ganun kaganap na kontrol sa kanila hanggang sa Siya—Siya ay maging tinig nila, kilos nila. Haleluya!

124 Bigyan n'yo ako ng isang Iglesya na talagang lubusang napahiran ng Diyos hanggang sa ang bawat kilos nila at galaw ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON, lumakad diyan sa Kaluwalhatiang Shekinah ng Diyos, ipapakita ko sa inyo ang isang Mesiyas (isang pinahiran ng Diyos) na nakatindig sa ibabaw ng lupa.

125 Naroong nakatayo si Moises sa tabi nitong nagniningas na palumpong at ng Kaluwalhatiang Shekinah ng Diyos. Nakatindig doon, pinahiran, halos hindi niya alam kung ano'ng ginagawa niya. Sinusunod lamang niya kung ano'ng sinasabi ng Tinig na gawin, "Ipaloob mo ang iyong kamay sa iyong dibdib. Ilabas mo ito. Kunin mo iyang tungkod. Gawin mo iyang isang

ahas. Ihagis mo uli 'yan." Kahit na ano pa ang sinabi ng maski sino pang iba, ginagawa pa rin niya 'yon.

126 Sabi, "Panginoon, ipakita Mo po sa akin ang Iyong Kaluwalhatian, at handa akong magpunta sa Egipto. Hindi po ako isang lalaking magaling magsalita. Hindi ko po kayang magsalita nang maayos. Ngunit hayaan Mo lang po akong makita ang Iyong Kaluwalhatian." At ipinakita Niya Ito sa kanya. At bumaba siya at dinala itong gayun pa ring mga bagay, at para ipakita na siya ang pinahirang Mesiyas. Ang lalaking iyan ay dumampot ng buhangin sa lupa at inihagis 'yon sa hangin, at nangagsiliparan ang mga langaw at kuto mula sa buhanging 'yon, at tinakpan ang lupa. Ano ba ang makalilikha, kundi Diyos? Sumalok ng tubig mula sa ilog at ibinuhos 'yon sa tabing-ilog; at bawat patak ng tubig sa buong Egipto, ay naging dugo. Ano'ng makagagawa niyan, kundi Diyos? Ano ba iyon? Siya'y talagang lubusang nakasuko sa pinahirang Salita ng Diyos hanggang sa siya na ang Mesiyas.

127 Sinubukan ng mga Egipcio na tanggihan Ito sa ganitong paraan. . . 'Yung mga di-mananampalataya'y sinubukang tanggihan Ito. 'Yung mga nagkukunwang-mananampalataya'y sinubukan ang kanilang pakana. Ngunit dinala sila ng Salita ng Diyos nang tuluy-tuloy patungong Lupang Pangako. Tama 'yan. Sila'y pinahiran. Sila ay . . . Siya ang Mesiyas.

128 Ngayon ang tanong ay lumitaw doon sa disyerto. Heto kung saan ito naghahatid . . . Kita n'yo, ngayon, nais kong magmasid kayo, mga kapatid ko. Ngayon alalahanin, ang mga taong ito'y kinalugdan 'yung mga biyayang iyon. Kinalugdan nila 'yung pangangaral ng propetang ito, nitong isang pinahiran. Pinaniwalaan nila siya. Sinunod nila siya. Pero may lumitaw doon sa disyerto, na isa na ang pangalan ay—ay Datan, at isang nagngangalang Kora. At ang sabi nila, "Ito'y para talagang pang-isang tao nang pamamahala. Akala ni Moises siya lang ang tanging tinawag ng Diyos."

129 Iyang pang-isang taong Mensahe, hindi nila Ito gusto. Hindi, hindi nila Ito gusto. At ang Diyos kailanman ay talagang hindi nakipag-ugnayan kundi sa iisang tao lang sa bawat panahon. Ito'y laging pang-isahang Mensahe. Kailan ba Siya nakipag-ugnayan sa mga tao mula't mula pa, nang lagpas sa iisang tao lang? Ito'y isang tao. Hindi ito isang grupo. Ikaw ang mananagot sa Diyos, bawat isa sa inyo. Sasabihin mo, "Naku, naniniwala ako Rito." Ikaw lang . . . Ang ginagawa mo, isinasaalang-alang mo lang Ito. Isinasaalang-alang mo ang isang kaisipán.

130 Heto ang isang babaeng nakatayo rito. Ako'y isang kabataang lalaki naman, naghihintay na makasal. Umaayon siya sa mga pamantayan ko sa bawat paraan. Siya'y isang kaibig-ibig na Cristiano: mukha siyang isang tulad nun, nagdadamit siyang tulad nun, kumikilos siyang tulad nun, namumuhay siyang tulad

nun. Aaminin ko na magiging isang mabuting maybahay siya sa akin. Ngunit hindi siya sa akin hanggang sa kunin ko siya para sa sarili ko.

Ganyan nga ang Mensahe. Maaari kang makisimpatya Rito at sabihing, "Tama Ito." Pero kailangan mo Itong kunin mismo para maging bahagi Nito. Pagkatapos ikaw at ang Mensahe ay nagiging isa. Pagkatapos ay napapasaiyo ang pahid, tulad ng pagiging ganun n'yon sa iba.

131 Ngayon, si Satanas, hindi niya Iyon pinaniwalaan. Si Datan. . .Nahikayat niya si Datan at ang mga ito na huwag paniwalaan Iyon, at siyang dahilan kaya nangamatay ang lahat ng mga ito.

Pero sasabihin mo, "Teka muna, Kapatid na Branham, ang sabi mo, 'Tatlo: si Moises, si Josue, at si Caleb.'" Tama ngang talaga 'yan. 'Yun nga ang nando'n. "Pero dito ang sinasabi mo lang ay, 'Dalawa.' Sinasabi mo rito na 'May isang. . .'"

132 Sasabihin mo, "'Yung supernatural na Satanas." Pero merong supernatural na Diyos, din, na pinapahiran itong tatlo. Ngayon, si Satanas ay pinahiran lang. Ngunit 'yung isa pa'y darating, 'yung isa pa'y darating, abangan n'yo lang sa loob ng ilang sandali. Papasok siya sa eksena, ang pangalan niya'y Balaam. Isa siyang propetang mukhang-pera; propeta-kuno, bulaang propeta.

133 Palaging mayroong lahat ng klase ng mga propeta. At palaging sa Israel at pati na sa grupong 'yon, palaging may mga propeta; sila: mga nang-uuto, na mga propetang nagpapalapad ng papel, na nakikisabay at hangad ang papuring salita ng hari, at isang nakaantabay na kamay, at, sige lang, tulad ni Ahab na merong apat na raang gano'n, na pawang nakagayak ayon sa kanilang eklesiyastikal na porma. At sinabi niya sa iyo. . . sinabi niya sa—sa—sa dakilang hari doon sa itaas, kay Jehoshafat, ang sabi, "Aba, siyempre, meron akong apat na raan, na pawang mga sinanay nang husto, na mga Hebreong propeta."

134 At nagsidating silang lahat at nagpropesiya. Ngunit ang lalaking iyon ay may sapat na puspos ng Diyos para malaman na iyon ay mali, dahil alam niyang isinumpa ni Elias ang bagay na 'yon. At papaano pagpapalain ng Diyos ang Kanyang isinumpa? Hindi Niya magagawa 'yon. Ang sabi nito, "Meron ka pa bang isa na pwede nating pagtanungan?"

135 Ang sabi niya, "Oo, meron ka pang isa dito sa labas; si Micaya, na anak ni Imla. Pero," sabi, "kinamumuhian ko siya." Sabi, "Lagi niya kaming pinag-iinita't kinukundena niya ako at ang ipinapahayag sa akin ay pawang masasama." Papaanong. . . Ang Leon ay umatungal. Ang Diyos ay nagsalita. Sino ang hindi makapagsasabi ng Katotohanan? Noong iyon ay salungat sa Salita ng Diyos, kinailangan niyang sumpain 'yung bagay. Dati na silang meron nito, nung bulaang propeta. Pero dati na

silang merong isang tunay, din. Tandaan, walang isang buong eskuwelahan ng mga ito. Merong isa sa kanila. At ganyan nga ito sa anumang panahon. Ganyan nga ito, sa kasalukuyan.

136 Ang Propeta ng araw na ito ay itong Salita. Tama 'yan. Ang Propeta, sa kasalukuyan, ay hindi itong lahat ng mga nariritong iba-iba. . . May isang Metodistang propeta, isang Baptist na propeta, isang Pentecostal na propeta, lahat ng klase ng mga propeta sa paligid, sa buong bansa. Pero meron pa ring natitira: may Iisang Tunay na Propeta, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Tama 'yan. Si Jesus Cristo! At Siya ang Salita. Tama 'yan. Siya ang Salita: ang Pinahirang Salita ng takdang panahon.

137 Pansinin Siya ngayon, habang naglalakbay tayo. Nakikita natin na sina Josue at Caleb. . . At pagkatapos heto nang padating si Balaam na propetang bayarán. Ano'ng ginawa niya? Dinaan-daanan niya mismo ang bawat Salita ng Diyos, matapos itong ipakita sa kanya ng Diyos. Inirerepresenta niya ang denominasyon, sa kasalukuyan. Ipapakita natin 'yan sa loob lang ng ilang sandali; si Datan, kung ano siya, at kung ano ang lahat ng iba pa sa kanila. Ngayon inirepresenta ni Balaam ang denominasyon. Isang tao na hindi naman dapat. . . dapat na mas nakakaalam. Alam niyang mali iyon. Pero ano'ng ginawa niya pagkatapos niyon? Binigyan siya ng Diyos ng isang babala, at tuluy-tuloy pa rin niyang dinaanan ang babalang iyon. Siya'y baliw na baliw sa pera at katanyagan na maaari siyang mapabilang sa kanila. At gano'n nga rin ang ginagawa ng mga iglesya sa kasalukuyan, tuluy-tuloy na lumalakad papasok d'yan sa World Council of Churches. At bawat babala'y sumisigaw na nang malakas sa buong bansa, pati mga tanda at mga kababalaghan sa mga huling araw na ito. Lalakad pa rin naman sila papasok doon, dahil mas iniibig nila ang papuri ng tao kaysa iniibig nila ang Salita ng Diyos.

138 Meron akong isang mabuting kaibigan na nando'n, na ipinangangaral iyang mensahe; isang Pentecostal, sinasabi doon sa mga tao, sinisikap na pagsama-samahin 'yung mga iglesya. Sinasabing "dapat tayong pumasok sa ganito, dito sa ekumenikal na hakbangin." Aba, 'yung ibang nasa kanila. . . 'yung church of Christ. Marami sa mga denominasyong ito na ni hindi nga naniniwala sa birheng kapanganakan, at lahat ng samu't saring mga bagay-bagay na ito, at lahat sila'y kaanib diyan. Papaanong magkakasundong maglakad ang dalawa malibang magkasundo sila? Kung gano'n, nagsabi kayo ng "Amen" diyan, iniisip ko naman ang tungkol dito ngayon: Kung gano'n papaano masasabi ng isang tao na isa siyang Cristiano at napuspos ng Banal na Espiritu, at itatanggi na ang Salitang 'yan ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman? Ang Banal na Espiritu na nasa inyo ay tutuldukan ang Salita na 'yan, bawat Salita, ng "Amen. Amen. Amen." Kapag may

sinabi ang Salita na anuman, ang sinasabi mo ay, “Iyan ang Katotohanan.” Amen! Ang. . .dahil magkasang-ayon kayo ng Salita. Magkasang-ayon kayo ng Diyos. Ikaw at ang Diyos ay iisa. Ang Diyos ay nasa iyo. Ikaw ay Kanyang anak na lalaki o Kanyang anak na babae, ginagawa kang isang mesiyas para sa Kanya, ang pinahirang Salita na nabubuhay sa iyo.

139 Pansinin, tuluy-tuloy na dinaanan ni Balaam ang mga bagay na ito. Siya ay isang ganap na denominasyon at isang ganap na kasagutan sa kanilang panlasa. ’Yon ang gusto ni Datan. ’Yon ang gusto ni Kora. Gusto nilang gumawa ng isang organisasyon mula rito. Ang sabi, “Meron tayong mga banal na tao sa buong paligid dito.”

140 Wala akong pakialam kahit gaano pa kaayos lalakad nang magkasama ang dalawang tao, may pagkakaiba sa kanila. ’Yung mga ilong natin ay hindi magkakapareho. ’Yung mga bakas ng daliri natin ay hindi magkakapareho. Maraming bagay tungkol sa atin. . .Gayunma’y makapagsasalin tayo sa isa’t isa ng dugo, maging ’yung sa mga kambal, at magkaiba pa rin sila. Samakatwid, kita n’yo, isang tao ang inilalagay ng Diyos sa ganyang katayuan, at ’yung isa naman ay sumasampalataya sa ganyan.

141 Gumawa Siya ng isang tao, at ng maraming tao mula sa taong ’yan. Kung paanong ang lahat ay nangamamatay kay Adan, lahat din nama’y nabubuhay kay Cristo. Gumawa Siya ng isang daan ng kamatayan, at silang lahat ay lumakad papasok dito. At gumawa Siya ng isang daan ng Buhay, at lahat ng mga dumaraan diyan ay may Buhay. Mula sa iisang Tao, hindi isang dosenang tao na dumating para magbuwis ng buhay. Hindi kailangang magkasala ng isang dosenang tao. Isang tao ang gumawa ng isang kasalanan. Isang Tao ang nagbayad ng buong kaparusahan. Hindi na nito kailangan ng kung anu-ano pang mga paglalakad mo nang paluhod, at pagsasabi ng mga *Aba Ginoong Maria*, at lahat ng iba pang klase ng mga bagay na ito, at mga pagbibigay-pugay sa mga taong patay na. Si Jesus ay namatay nang sa gayon ay maging walang bayad ang Kaloob ng Diyos. Binayaran na Niya nang buo ang pagkakautang. Pero kita n’yo, gusto nating magkaroon pa ng kung ano na isasamang sabihin Dito.

142 Masdan n’yo ito ngayon. Itong mga lalaking ito’y nagsiakyat doon at nagsabing, “Aba, pinipilit mong gawin ang sarili mo na nag-iisang tao sa grupo. Akala mo ikaw lang ang tanging nag-iisa.”

143 At napagod na si Moises sa kanya. Bumalik siya, sabi, “Ama. . . ”

144 Sabi Niya, “Ihiwalay mo ang iyong sarili sa kanila. Ako—ako—ako. . . ”

145 "Lahat—lahat ng mga nasa panig ng Diyos, magsipunta kayo sa banda rito." At binuksan Niya ang lupa at nilamon silang lahat. Tama nga ba 'yan? Isipin n'yo nga 'yon, kapatid. Ay, talaga! Bakit hindi nila siya pinaniwalaan? Bakit hindi sila naniwala na—na—na—na ang Moises na ito ang siyang lider, na mula sa Diyos? Bakit gusto nilang makipagtalo sa kanya noon? Laging pabulong-bulong at nagrereklamo, samantalang nakita na nila ang kamay ng Diyos at kumilos sa ilalim. . . At si Moises. . .Pinatunayan na ng Diyos na—na si Moises ang Kanyang pinahirang Mesiyas. Kita n'yo ba? At pagkatapos basta na lang. . .Kita n'yo, sa kaibuturan ng puso nila, may gusto silang kung anong bagay na kakaiba.

146 Ano'ng nangyari sa inyong mga Pentecostal? Ilang taon na ang nakalilipas ay lumabas kayo doon sa gulo na kung tawagi'y denominasyon, para magawang Pentecostes ang inyong mga sarili. Bakit gusto n'yong magsibalik uli doon? Kinailangang lumitaw ang talukap. (Ang Butil ay wala pa rito, wala pa.) Kita n'yo? Pansinin, sadyang ganyan ang ginawa nila. 'Yan ang nasa puso nila. Kailangang gawin nila 'yon.

147 Ngayon, kita n'yo, si Datan ay may isang ideya na maaari silang makabuo ng isang dakilang relihiyon mula rito. Alam n'yo, maging ang apostol na si Pedro ay nagkaroon din ng ganung ideya sa Bundok ng Pagbabagong-anyo. Ang sabi niya, "Hayaang bumuo kami ng tatlong tabernakulo rito; isa para kay Moises, at isa para sa kautusan, at isa para sa mga propeta, isa. . . "

148 At habang nagsasalita pa lang siya, may Tinig na nagmula sa itaas, na nagsabi, "Ito ang minamahal Kong Anak. Pakinggan ninyo Siya." Iyan ay nang lumingon sila, si Jesus lang ang nakita nila. Naroon Siyang nakatayo. Siya ang Salita. 'Yon lang ang kailangan n'yong marinig, ay ang Salitang iyon. Iyon Siya sa anumang kapanahunan. Tingnan kung ano'ng sinasabi ng Salita para sa kapanahunang iyon, at masdan kung paano Iyon pahiran ng Diyos, at sumama Rito. 'Yun lang.

149 Sinundan nila ang Haliging Apoy patungong Lupang Pangako. 'Yung mga tuluy-tuloy na sumama ay nakasunod, 'yung iba naman ay nangamatay. Pansinin, gusto nila ang Salita na kahalo ang sanlibutan. . .nakapagpalihis sa kanila. At pansinin kung anong ginawa nun sa kanila. Ang Salita. . . Nalagpasan nila Ito dahil ayaw nilang tanggapin ang pinahirang Salita. Kita n'yo, kailangan n'yo munang magkaroon ng peke. . . Unang-una kailangan n'yo munang magkaroon ng isang tunay, para makagawa ng isang peke mula rito. At doon ay nagkaroon sila niyon, at ipinakita ng Diyos na hindi Siya kasama niyon.

150 Isipin n'yo kung gaano kaganap na naipakilala sa kanila ang Salita, sa pagkakapatibay sa kanila. Bawat bagay na iprinopesiya ni Moses ay mangyayari. Na kanyang tinawag

para madala sila sa Lupang Pangako na ito. Bawat bagay na iprinopesiya ni Moises ay nangyari, doon mismo. Wala ni isang Salita Nito ang di-nagkatotoo. Anong pribilehiyo na 'yan ay magiging ganun nga, ang malaman na ika'y naglalakad sa ilang. . . At doon, matapos na . . . Nang sabihin niya sa kanila ang Mensahe, kinailangan muna nilang paniwalaan Ito. Pero matapos na mailabas niya sila mula roon, saka sinabi ng Diyos, "Patutunayan Ko sa kanila na Ako yaong Haliging Apoy na nakatagpo mo sa ilang."

151 Kaya't sinabi Niya, "Tipunin mo silang lahat sa palibot ng bundok." At bumaba Siya sa tuktok ng Bundok ng Sinai. At ang Diyos ay nagsimulang dumagundong.

152 At ang sabi nung mga tao, "Huwag n'yong hayaang magsalita ang Diyos. Hayaang si Moises ang magsalita. Huwag hayaang. . . "

153 Ang sabi ng Diyos, "Hindi na Ako magsasalita sa kanila nang paganito, gayunman ay magpapalitaw Ako para sa kanila ng isang propeta na mangungusap sa Aking Pangalan." Kita n'yo? Kaya't nakikita natin na ganyan ang dati nang ginagawa ng Diyos. Bakit hindi nila makita 'yon sa umpisa pa lang? Nakikita ang lahat ng mga bagay na ito, at pagkatapos ay magsisipagtungayaw laban sa Mensahe na siyang naghahatid sa kanila patungo sa Lupang Pangako; na siyang nakapagpasimula sa kanila nang tama, at dinadala sila sa Lupang Pangako. Ngunit sila pa rin . . . kinailangan nilang magsipagtungayaw laban Dito. Isipin n'yo, kung gaano katamang-tama . . . kung paanong nakapaglakad sana sila araw-araw, naglalakad na kasama ng Panginoon. Kay gandang buhay para pamuhayan, sa gitna mismo ng ilang! Tuwing gabi . . . Kumakain ng manna sa umaga, na nahulog nung gabi.

154 Alam n'yo, 'yun ay naging napakaordinaryo sa kanila hanggang sa sabihin nila, "Sawang-sawa na ang kaluluwa namin sa Tinapay na 'to." Kita n'yo? At ganyan nga kung ano ito naging sa atin. Sadyang iniisip ko ang mga maliliit na grupo na ating . . . sa munting ministeryo ko lang, sa buong bansa. Nakikita hindi lamang kagalingan at mga bagay-bagay; na dati nang ganun. Kagalingan; ang Diyos ay dati nang merong padaluyan ng kagalingan sa kung saan. Meron pa nga Siyang isang—isang—isang Anghel na nasa isang tipunan ng tubig isang beses. At Siya . . . lahat ng uri ng mga bagay. 'Yung —'yung tansong serpiyente na nasa ilang. Dati na kayong merong mga simbolo ng kagalingan. (Hindi 'yan ang tinutukoy ko.) Ang pagpapagaling ay isang bagay na kumukuha ng atensiyon ng mga tao. Kahit sino'y magbibigay ng donasyon sa isang gawaing pangkagalingan. Sila'y—magbibigay sila ng donasyon sa isang pista ng awitan. Pero pagdating sa isang kawawang napahamak na kaluluwa, wala silang kinalaman diyan. Kita n'yo, ngayon di ba't halos tama 'yan? Lahat ay meron na tayo . . .

sa isang kawawang napahamak na kaluluwa. Ayaw magkaroon ng anumang kinalaman diyan. Hahayaan nila siyang mangapa sa kahit ano. Sasabihin, "Buweno, ayos lang 'yan, kaanib siya sa iglesya. Hindi ito makakasakit ng kahit ano."

155 Pero ngayon, nakikita natin dito. . .(Papatapos na nang simbilis na makakaya natin dito.) Isipin n'yo kung gaano katamang-tama ito. Nagbalik-tanaw ako sa panahong naririto na tayo sa lupang ito. Tingnan kung anong ginawa ng Panginoong Diyos. Nagsimula sa napakaraming mga tanda, at mga kababalaghan, at mga himala, na kinalugdan nating lahat. Pagkatapos ay masdan . . . Pagkatapos ay dumating ang Mensahe na nakasunod dito.

156 Masdan kung anong naganap. Naglalakad na kasama, hindi ka lang mag-isa, may kasama kang mga tao. Nakakita ng isang pulutong ng mga Anghel na bumaba mula sa Sangkalangitan, na niyugyog ang buong lupa, nakatayo lang doon. At ibinalita 'yon ng mga diyaryo; samantalang maraming buwan bago pa man mangyari ay naihula na iyon. Hayun Siyang nakatayo doon, at ang sabi, "Malapit nang matapos ang panahon, bumalik ka na. Buksan mo ang Pitong Tatak ng mga hiwaga na matagal nang nakatago sa buong panahon ng mga repormasyon at mga bagay-bagay, ilabas mo iyon." Pagkatapos ay dumating na ipinangangaral ang *Binhi ng Serpiyente*, at lahat ng mga bagay na ito na gaya niyan. At ano'ng ginagawa ng mga alagad ng simbahan? Sa halip na sabihing. . . "Aba, sinabi ni Luther *ito* o *ang gano'n*." Sila lang. . .Hindi na nila kailanman makikita ito. Kita n'yo? Ngunit anong pribilehiyo para sa ating mga naniniwala; ang lumakad sa Presensiya ng Diyos, araw-araw.

157 Tumayo doon at makitang lumalabas mula sa langit ang isang ipuipo. Pinasabog niyon sa dalawa ang isang bundok, nakatayo doon kung saan kami naroon; pinagpuputol ang itaas na bahagi ng mga puno at mga bagay na gaya niyan. At isang pag-alingawngaw ng Salita ang lumabas at yumanig doon nang tatlong beses, ang sabi, "Masdan itong patungo sa Kanlurang Baybayin." Dumiretso sa ibayo roon at nilindol ang Alaska. At tuluy-tuloy na pababa sa Kanlurang Baybayin ngayon. Sadyang tamang-tama.

158 Isang araw bago 'yon, kumuha ako ng isang bato at inihagis 'yon sa ere, at sinabing, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON, 'Narito na ang oras, magsisimula na ang mga paghuhukom sa lupa. Ang mga lindol at lahat na ay magaganap. At ang buong Kanlurang Baybayin ay lilindulin at iba pa.'" Tingnan n'yo kung gaano kaperpekto. Bawat araw, lahat ay sadyang tamang-tama sa paraang sinabi Niya. Papaano natin ito tatalikuran, mga kapatid? Panatilihin natin ang ating pananampalataya tungo sa Kanya.

159 Ang sabi nila, "Sino ba ito?" Alam natin kung sino Ito. Ito'y si Jesus Cristo na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, ang Haliging Apoy. Noong panahon ni Moises, tingnan n'yo kung ano'ng ginawa Nito; itinipo ang Haliging Apoy sa kasalukuyan. 'Yon ay laging . . . Bakit hindi nila pinaniwalaan si Jesus bilang siyang Salita? Ang nasa kanila ay maling pagpapakahulugan at pagkaunawa. Katulad ng ginawa ni Eba noon, ay gayon din naman ang ginagawa nila ngayon.

160 Pagkatapos si Balaam at ang kanyang doktrina ay tamang-tama lang para sa kanila. At sadyang umayon sa kanilang panlasa nang hustung-husto. Sa pista, tingnan . . . Sa Pista ng mga Moabita, kita n'yo . . . Oh, ano'ng sabi Niya. Tingnan n'yo heto kung ano'ng larawan niyan sa kasalukuyan, kung paano ito itinitipo noon. (Pinaghihintay ko kayo nang masyadong matagal.) Pero tingnan n'yo, pansinin, sa ilang sandali lang, 'yung Pista ng mga Moabita. Kita n'yo, kung hindi Niya mailabas sila nang tuluy-tuloy doon, na siyang ginawa ni Balaam, kung gano'n pinagsama-sama niya sila. Kung hindi niya mismo masumpa ang mga ito . . . Mas lalo niyang sinumpa, mas lalo ring pinagpala ng Diyos. Nagpatuloy lang . . .

161 Kita n'yo, 'yan ang ginawa niya sa mga Pentecostal. Ang sabi nila ilang taon na ang nakalilipas, nang magsimula kayong lahat, "Wala kayong patutunguhan. Wala namang kahit ano sa inyo. Kayo, mapapagod kayo. Isa lang kayong langkay ng kapanatikuhan." Pero sa tuwing pinipilit nilang sumpain kayo, bumabalik pa rin kayo uli. Patuloy na inihahayag ng Diyos ang Kanyang Mensahe. Mula pa noong lumang Asamblea, noong kauna-unahan pa, 'yung Pangkalahatang Konseho. Pagkatapos ay naipasok Siya nang tanggapin nila ang Pangalan ni Jesus Cristo para sa bautismo sa tubig. Pagkatapos ang isa'y tumalon sa gawing ito, at 'yung isa'y doon sa kabila, at ang isa nama'y umalis . . .; inorganisa *ito* at *iyan*. Ang Diyos ay patuloy na nagkaloob ng pagpapala.

162 Ngayon, buweno, nakita niyang hindi niya kayang sumpain kayo. Kita n'yo? Kaya ano'ng gagawin niya? Oorganisahin niya kayo. Dadalhin kayo . . . "Naku, tayong lahat naman ay iisa." Kita n'yo? "Tayong lahat naman ay naniniwala sa iisang Diyos." Kaya iyan nga ang ginawa ni Balaam. At hindi ba't binalaan na tayo ni Judas tungkol dito? Sila'y nangalihis sa daan ng . . . sa doktrina ni Balaam at nangamatay sa pagsalungat ni Kora. Hindi ba't si Judas, na kapatid-sa-turing ni Jesus, ay binalaan tayo sa Biblia tungkol dito? Sila'y katulad ni Cain, mula pa sa simula, na bayarán. Ang siyang nagsimba at nagtayo ng mga simbahan at—at nagtayo ng isang—isang altar at naghain. Nalihis sila sa daan ni Cain. Nagsitakbo sila sa daan ni Balaam, at nangamatay sa pagsalungat ni Kora. Inilalatag ni Judas ang buong bagay tulad ng ginagawa natin ito ngayong umaga, dito sa

harapan ninyo, tulad ng dati na nating ginagawa ito. Ang buong bagay ay nakalatag diyan.

163 Nangamatay sila sa pagsalungat ni Kora. Isipin n'yo nga 'yan, kung gaano katindi 'yan. Ang isipin lang kung ano 'yang Kora . . . Kita n'yo, ang sabi niya, "Ngayon, dadalo tayong lahat sa isang pista. Lahat tayo'y iisa." 'Yung mga Moabita'y naniniwala sa Diyos. 'Yan 'yung mga anak nung mga anak na babae ni Lot. Kita n'yo? "Tayong lahat naman ay naniniwala sa iisang Diyos." Ayon sa saligang katuruan, sila'y ganap na tama. Masdan si Balaam doon sa itaas, sadyang kasing pundamental na tulad ng anumang mabuting Baptist o Presbyterian sa kasalukuyan. Umakyat siya doon at naroon ang Israel, iyang walang denominasyong . . . Sila ay isang bansa. Ang Israel noon ay hindi isang bansa. Ito'y isang bayan nang panahong iyon. Ayaw nilang lumakad sa daan ng Diyos, pagkalipas ng ilang panahon. Gusto nilang maging katulad ng lahat ng iba pang mga bansa. Diyan sila kung kailan nabibigo. Ngunit habang nais nilang manatili sa Diyos, mabuti.

164 Lumabas si Balaam, tumanaw siya sa ibaba, ang sabi, "Aba, talaga naman! Alam kong 'yung isa sa mga ministrong 'yan ay pinakasalan 'yung asawa ng isa pang lalaki." Lahat ng iba pang mga bagay na ito, naku sigurado, meron silang pagkadami-rami. Nakalimutan niyang pakinggan ang sigaw ng—ng Hari sa loob ng kampo. Hindi pa niya nakita kailanman 'yung Batong hinampas, at 'yung tansong serpiyente na 'yon na nakabitin doon bilang katubusan sa kasalanan. Hindi niya napag-isip-isip na hindi sila nakakabit sa alinmang organisasyon. Sila'y nakakabit sa Tipan ng Diyos, at nangagsisidaan sa gano'n. Kita n'yo? At ang sabi ni Balaam, batay sa saligang katuruan, "Ipagtayo mo ako ng pitong altar." 'Yon ang hiningi ni Jehovah. 'Yon ang hawak ni Jehovah sa magkabilang panig. "O sige, maglagay ng pitong anak ng baka sa ibabaw nito." Iyon ang ginagawa nila sa ibaba doon sa kampo na 'yon. "Ipaglagay mo ako ng pitong lalaking tupa sa ibabaw nito dahil may darating na isang Mesiyas balang araw." O sige.

165 Kita n'yo, batay sa saligang katuruan, kapwa sila tama; sa pundamental. Kita n'yo? Pero isang araw nang makita niyang hindi niya siya mahuli sa ganyan, ang sabi niya, "Kung mapagbubuklod-buklod lang natin sana ang ating sarili." At diyan sila nagkamali.

166 At sadyang diyan ngang talaga kung saan nagawa ng Pentecostal ang kamalian nito; nang mag-organisa ito noon katulad ng lahat ng iba pang mga iglesya. Hindi n'yo ako kaaway. Ako'y kapatid n'yo. Ilan sa mga araw na ito'y malalaman n'yo na iyan ang katotohanan. Maaaring abutin pa ng kaunting panahon, ilang ikot pa ng araw, ngunit balang araw ay makikita n'yo na 'yan ay tama.

167 Pagkatapos ay tinamaan sila ng doktrina ni Balaam nang sadyang. . .'Yon ang gusto nila. "Tayong lahat ay iisa." Kita n'yo? Kaya, doo'y nagsipunta nga sila. Lahat ng kanilang mga propeta at ang lahat ay tuluy-tuloy na sumama sa kanila. At mga nasa pista, ang siya ring tao'y nagsabi, "At kaming lahat ay naniniwala na may iisang Diyos. Paniwalaan natin ito." Sadyang kung ano ang matagal na nilang hinahanap, sadyang tamang-tama.

168 Ngayon nang halos hindi na magkasundo ang mga Methodist at Baptist dahil sa kanilang organisasyon, pero kapag may dumating na isang punong organisasyon, na maaari tayong magkasama-sama, sige. "Naku," sasabihin mo, "hinding-hindi ito tatanggapin ng mga Pentecostal." Hindi nila tatanggapin? Ano ba'ng ginawa nila nung isang araw sa Missouri? Nabasa n'yo ang mga diyaryo n'yo, sigurado. Kita n'yo? Hindi n'yo nga ba tatanggapin? Hindi, hindi kayong mga Pentecostal, kayong mga tao; pero hindi kayo 'yon, ang gobyernong iyon doon sa itaas ang siyang nagmamaniobra sa inyo. 'Yon ang ulo na siyang nagpapakilos sa inyo. Tama 'yan. Huwag kayong sumama do'n. Lumayo kayo diyan sa bagay na 'yan, iyan 'yung tatak ng hayop. Kumawala kayo riyan nang simbilis ng makakaya ninyo. Kita n'yo? 'Yan ay isang eklesiya. . .Ito'y ang ulong pampamahalaan na siyang gumagawa ng pagmamaniobra.

169 Hinding-hindi sana tayo napasubo at nakipagdigmaan sa Alemanya o alinman sa lahat ng iba pa rito. Kung ito lang sana. . .ilan sa mga maiimpluwensiyang mga pulitikong nangakaupo sa itaas dito para gumawa ng mga bagong baril at magsimula. . .Hindi ko kailangan ng salapi mula sa. . .salaping panubos ng dugo mula sa sarili kong anak, na kailangang lumabas doon at magbuwis ng buhay para dito. Kita n'yo? Pero iyan ay kung ano nga ito, ang pulitika ang gumagawa nito. At ang buong mundo ay kontrolado ng Diyablo. Iyan mismo ang sinabi ni Jesus. At hindi ito kailanman magiging tama hanggang sa Milenyum, kapag dumating si Jesus at namahala. Pero ngayon ay dinaranas natin ang mga kaguluhang ito. (Bibilisan na para makatapos na tayo.)

170 Sadyang kung ano ang matagal nang hinahanap. . .ang bagay lang na 'yon. Iyon lang ang gusto nila. Ang tagumpay ni Satanas sa Pistang Moabita. Meron pa siyang isang paparating, din. Pinapadaan na niya silang lahat sa gayon ding daan. Maghintay. . .Bigla na lang! Isipin n'yo lang kung ano'ng ginawa nila. Tulad ng sa dati. Hindi ito kailanman inabot ng pagkalaki-laki, na mahahabang, tatlo o apat na taon para mailabas 'yon. Sila. . .'yung bulaang propeta, 'yung taong dinaan-daanan lang ang Salita ng Diyos. . .bawat babala na ipinadala ng Diyos sa buong bansa, at sinabi sa kanila, "Magsilabas kayo mula rito! Magsilabas kayo mula rito! Magsilabas kayo mula rito!" Hindi nila gagawin 'yon. Mananatili sila mismo doon.

171 Binabale-wala nila ang Salita ng Diyos, binabale-wala ang Mga Salita, binabale-wala ang mga tanda, binabale-wala ang mga bagay na kinaroroonan natin. At magpapatuloy pa rin, "Magkakaroon pa rin naman tayo nito. Tuluy-tuloy pa rin tayong tatawid sa kabila. Kailangan nating makuha 'yon. Iyon lang. Tayong lahat ay iisa." Kita n'yo ang kahangalan ng Diyablo? 'Yan din ang bagay na ginawa nila doon sa Pistang Nicaea, sa Nicaea, Roma. Bumuo sila ng isang organisasyon mula rito, at 'yan nga ang nangyari. Si Satanas ay nagkaroon ng Pistang Nicaea. Ay, talaga! At magmula noon. . .Makinig, may sasabihin akong isang pagkalaki-laking salita dito ngayon. At kayong nakikinig sa teyp na gustong makipagtalo tungkol dito, makipagtalo kayo sa inyong sarili tungkol dito, at sa kasaysayan, at sa Biblia, kita n'yo, pero huwag sa akin.

172 Makinig! Sa tuwing nagsusugo ang Diyos ng isang mensahero at pinasisimulan ang isang Mensahe. . .At kapag ang iglesya na 'yan, kapag ang grupong 'yan ng mga tao ay naging kasama sa makadenominasyong kapistahan. . .Diyan nila 'yon ginagawa. Diyan 'yon nagawa ninyong mga Assemblies. Diyan 'yon nagawa ninyong mga Oneness. Diyan 'yon nagawa ng lahat ng iba pa sa inyo, sa inyong makadenominasyong kapistahan, ibinabalik ang inyong mga sarili sa siya ring bagay na sinumpa ng Diyos sa pasimula pa lang. 'Yan ang talagang tunay na Katotohanan. Sa anumang panahon na ang iglesya ay nagkaroon ng rebaybal. . .Sa panahon ni Luther, pagkatapos isang. . .Ano'ng nangyari? 'Yung mga Methodist. . .tuluy-tuloy sa bawat kapanahunan. . .Sina Zwingli, Finley, Finney, lahat ng iba pa sa kanila, nang magkaroon sila ng rebaybal, ano'ng ginawa nila dito? Isinali ito mismo sa isang makadenominasyong kapistahan, at nagsipasok kasama ng lahat ng iba pa sa kanila, naglagay ng isang pananda sa inyo tulad nung lahat ng iba pa sa kanila. Pagkatapos ay meron na kayong isang pulutong ng mga taong kumokontrol sa inyo. Hindi na makakilos pa ang Espiritu Santo. Sadyang ganun nga. Simulan mong mangaral ng isang bagay na itinuturo ng Biblia, katulad nito, at hindi naniniwala 'yung denominasyon diyan; patatalsikin ka kaagad. Subukan n'yo iyon minsan at tingnan kung totoo nga ba 'yon o hindi. Makikita n'yong iyon ang Katotohanan. Kita n'yo, sa makadenominasyong kapistahan sa tuwing pinasasama sila rito, diyan sa pistang Balaam, nagsisimulang pumasok ang gulo. Naku, sina Luther, Wesley, ang Pentecostal, at silang lahat ay pawang mga biktima nito.

173 Pansinin, noon nga iyon, haleluya, nang dumating si Moises at sinabing, "Sino ang nasa panig ko at ng Diyos?" Amen! Noon nga iyon nang hugutin ng Levita ang kanyang espada at nilibot ang buong kampo at ganap na pinagpapaslang ang bawat bagay na may kinalaman dito. Amen! Bawat bagay; bawat lalaking may kaparehang babaeng Moabita, sabay silang

pinatay nila. Ngayon ay dumating na ang oras. Nasaan ang taong iyon? Nasaan 'yung mga anak ni Aaron, 'yung ilan sa mga saserdote na handang hugutin ang Salita ng Diyos, itong matalas na Espadang magkabila ang talim? Ang sabi, "Sino ang nasa panig ko at ng Diyos?" Nasaan siya? Makakapag-anyaya, mag-aanyaya pero walang sumasagot. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Hindi natin makuha ito. Tayo'y sadyang... May kung anong mali. Pansinin, hayun sila... Noon nga iyon nang si Moises ay tumayo at magsabi ng mga bagay na ito.

174 Pansinin, ang kasalanan nila, na ginawa nila doon, nang makipagdenominasyon sila sa Moab at pinapag-isang katawan sila... Ang kasalanang 'yan ay hindi kailanman pinatawad sa kanila. Tatawirin ko ang tungkol diyan sa ilang sandali lamang. (Tanghali na, pero sandali na lang.) 'Yung kanilang kasalanan ay di kailanman pinatawad sa kanila. Ni isa man sa kanila ay hindi nakaabot sa Lupang Pangako. Ang sabi ni Jesus, sa... Pasensiya na. San Juan 6, ang sabi ni Jesus; sa San Juan 6, nang sabihin nila, "Ang mga ninuno namin ay kumain ng manna sa ilang"... Sila'y mga Pentecostal. Kapatid, nakakain sila ng manna, tinaglay nila ang tunay na bagay.

175 Ang sabi ni Jesus, "At sila, bawat isa, ay patay na. Nangamatay sila. Sila'y wala na magpasa-Walang Hanggan." 'Yung kanilang kasalanan ay di kailanman pinatawad sa kanila. Ano'ng ginawa nila? Sinira nila ang kanilang pakikipagtipan sa Diyos, at nakipag-organisa kay Balaam, ang bayaráng propeta na ayaw tumanggap ng babala ng Diyos; ayaw tumanggap ng Salita ng Diyos; ayaw tumanggap ng kahit ano mula sa Diyos. Pero determinado siyang papag-isahin silang lahat. Nakikita n'yo ba ang kahangalan? Makakapanatili pa ako diyan nang matagal-tagal, pero ako—palagay ko nakuha n'yo 'yon. Kita n'yo? Pansinsin, 'yung kasalanan nila ay hindi kailanman pinatawad sa kanila; wala ni isa man sa kanila na nabuhay sa ilalim ng mga biyayang iyon at kumain ng manna at lahat na.

176 Nang ang tunay, na totoong Mensahe ay dumating sa isang pagtutuos, inorganisa nila ito. "Pagsasamahin natin ang mga Moabita at ang mga sarili natin. Sila'y isang dakilang organisasyon, isang dakilang bansa. Ni hindi nga tayo... Ni hindi nga tayo isang bansa. Magsisipag-asawa na lang tayo sa isa't isa at—at magiging ayos lang tayo pagkatapos. Makakasama natin sila." At hindi 'yon kailanman pinatawad; hinding-hindi, hindi kailanman pinatawad sa kanila.

177 Ang sabi ni Jesus, "Sila, bawat isa, ay *patay na*." Isalin ang salitang iyan sa Hebreo o Griyego, alinman sa dalawa, o maging sa Ingles, ang ibig sabihin nito'y "Walang Hanggang pagkawalay"; wala na magpakailanman. Tama 'yan.

178 Naku, oo, nakita nila 'yung mga himala. Nakita nila ang Salita na pinahiran. Kumain sila ng manna na nagmula

sa Langit. Tinamasa nila ang mga biyaya ng katubusan sa kasalanan. Nakita nilang ibigay ng hinampas na Bato ang tubig Nito. Uminom sila mula Rito. Personal nilang alam Ito. Pero pagdating sa pagsira sa Salitang ’yan . . . Huwag na huwag n’yong kalilimutan ’yan! Nang sabihin ni Jesus, “Ako at ang Aking Ama ay iisa,” hindi sinabing merong tatlo. Ha? Nang ang lahat nitong iba pang dakilang mga pinakamahahalagang batayan ng Kasulatan . . .

179 Isang lalaki ang lumapit sa akin kamakalawa ng gabi para ipakita sa akin kung saan ako mali, o para makipag-usap tungkol sa trinity. Meron akong libu-libong mabubuting mga kaibigang trinity. Nandiyan sila sa Babiloniang iyan. Marami akong mga kaibigang Oneness na nandiyan sa Babiloniang iyan, rin. Kita n’yo? Pero ano’ng nangyari? Sabi niya, “’Yun ay katawagan, Kapatid na Branham. Naniniwala ka ba sa trinity?”

180 Sabi ko, “Oo naman.” Sabi ko, “Kukunin ko ’yung salita mong: katawagan.” Sabi ko, “Papaano mo ’yon pinaniniwalaan?”

Sabi niya, “Naniniwala ako sa iisang Diyos.”

Ang sabi ko, “Tama ’yung ginagawa mo.” Kita n’yo?

Sabi niya, “Naniniwala akong may iisang Diyos, at tatlong persona sa Pagka-Diyos.”

Kako, “Hindi ba’t isang—isa kang estudyante ng BIOLA?”

Aniya, “Oo.”

181 Sabi ko, “Parang ganun nga.” Kako, “Hindi niyan ipinapakilala nang mahusay ang iyong pinag-aralan.” Sabi ko, “Tatlong persona, at iisang Diyos?” Sabi ko, “Ayon sa Webster, diyan, kailangan muna itong maging isang personalidad bago ito maging isang persona. Naniniwala ka sa tatlong diyos, ginoo.” Hindi ka maaaring maging isang persona nang hindi nagiging isang personalidad, dahil kailangan ng isang personalidad para maging isang persona.

182 Kaya’t ang sabi nila . . . Sabi niya, “Naku, G. Branham, alam mo kasi, maging ’yung—’yung mga teologo ay hindi maipaliwanag ito.”

183 Sabi ko, “Talagang tamang-tama nga iyan. Ang Salita ay hindi dumarating sa isang teologo.” Oo. Ang sabi ko, “Ang Biblia ay ganap na nakadugtong sa Kapahayagan, ‘Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng hades ay hindi makapananaig Dito.’” Kita n’yo? Amen, hayan. Kita n’yo? Pero gano’n pa man pagdating sa mga bagay na ’yon . . . Ay, talaga!

184 Ngayon kailangan nating magmadali at magtapos na kaagad nang mabilis kung makakaya natin. Kailangan kong lagpasan itong ilang Mga Kasulatan at mga talâ, alam n’yo. Ngayon, pansinin, hindi sila kailanman pinatawad sa kanilang ginawa.

Ano'ng ginawa nila? Tinamasa nila 'yung mga biyaya. Huwag n'yong kalimutan 'yan. Uulitin ko uli 'yon. Hindi sila kailanman pinatawad para dito. Tandaan, lumilibot sa buong daigdig ang teyp na ito. Kita n'yo? Pinakikinggan ito sa mga kampo sa Aprika, India, paikot sa buong daigdig; isinasalin sa iba't ibang wika; at iba't ibang kampo, iba't ibang lugar. 'Yung kasalanan ay hindi kailanman pinatawad. Ano? Sila . . .

185 Sasabihin mo, "Naku, purihin ang Diyos, ako—ginawa ko ito. Ako—ako—nagawa ko ito. Nakakain ako ng manna mula sa Langit. Ako . . ."

186 Oo, sila nga, rin. At ang sabi ni Jesus, "Sila, bawat isa, ay patay na." Ngunit pagdating doon sa mismong Mensahe, kung saan, hindi nila dapat sirain iyang Tipan, sa pakikisama sa isa pang bansa. Ang Diyos ay isang mapagbukod at ibinukod Niya ang mga taong iyon, at hindi sila dapat na magkaroon ng anumang kinalaman sa iba pa, ikinakasal sa kahit kanino. At ang tunay, na totoong Iglesya at Nobya ni Cristo, ay nakadugtong kay Cristo na siyang Salita. At hindi ka ikinakasal sa anumang organisasyon, anumang denominasyon. Nananatili ka nang buong-buo kay Cristo at diyan sa Salita, bilang isang indibidwal. Ang gawin iyon ay pagkawalay na Walang Hanggan mula sa Diyos. Umaasa akong naiintindihan ng lahat 'yan.

187 Ngayon, sa ating teksto, noon ay malapit na ang Pista ng Paskuwa; papalapit na. Iyon ay isang matinding panahon noon. Natutulog 'yung mga tao sa labas ng mga tarangkahan. Ganito nga tuwing paskuwa. Nasa labas silang nangakahiga sa lupa. 'Yung mga silid-paupahan ay punung-puno at lahat na. Noon ay paskuwa. May malalaking mga inaasahan sa ganoon. Punong-puno ang paligid. (Ngayon, sa loob ng mga limang minuto pa'y matatapos na ako, kung loloobin ng Panginoon, o sampu kaya.) Bawat isa'y abalang-abala.

188 Tingnan n'yo, may tatlong klase ng mga tao doon. Kita n'yo, may isang napakalaking inaasahang mangyari. Alam nila na itong kakaibang taong ito ay papunta sa pistang ito. 'Yung iba sa kanila'y *mahal* Siya; sumasampalataya sila sa Kanya. 'Yung iba naman sa kanila'y *namumuhi* sa Kanya; marami sa kanila'y namumuhi sa Kanya. At dahil 'yung isa'y mahal Siya at 'yung isa nama'y kinamumuhian Siya, *hindi malaman* nung taong nasa gitna kung anong gagawin. Kita n'yo? Hindi nila alam. Pansinin, ang paligid ay puno ng mga inaasahang mangyari. Isa ang nagsasabing, "Pag-akyat Niya doon, sasabihin ko sa inyo tatawagin natin Siya . . . Bibigyan natin Siya ng isang pagsubok sa Salita. Patatayuin natin Siya doon sa tabi ng punong saserdote. Titingnan natin kung may ibubuga ba ang dunong Niya kay Caifas." Napatunayan na Niya 'yon. Kita n'yo?

189 "Pero ito ang gagawin natin: Titingnan natin . . . Alam kong hindi Siya lulubayan ng ilan sa mga dakilang pinuno.

Aba, igigisa nila nang husto ’yang matandang lalaki na ’yan. Ipapaalam nila sa Kanya kung ano Siya, kapag nakipaglokohan sila sa ating mga saserdote. Aba, alam nila kung ano’ng ginagawa nila. Sila’y matatalinong tao. Alam nila kung ano’ng ginagawa nila.”

190 Ang sabi naman ng iba, “Ano kaya’ng gagawin nila sa lalaking ’yan anupaman?”

191 Ang sabi ng iba pa, “Oh, hinihintay ko Siyang dumating. Ang Diyos ay sumasa-Kanya. Siya ang Salita na ’yon. Naku, ako’y sadyang—sadyang gusto ko Siyang makita.” Kita n’yo? Naku, sila’y nahati. Ngayon, kita n’yo, ’yung mga talagang nakakakilala sa Kanya at sumasampalataya sa Kanya, alam nila kung anong tarangkahan ang paghihintayan. Kita n’yo? Alam nila kung saan banda siya daraan. May napakalaking inaasahang darating, pero alam n’yo, hindi gano’n karami ang nakakita sa Kanya. Kita n’yo, marami ang hindi nakakita sa Kanya. Gano’n din nga sa kasalukuyan.

192 Ang sabi ng iba sa kanila, “Isa Siyang mabuting tao. Naku, walang problema sa Kanya. Katulad nina Napoleon, Washington, isa siyang mabuting tao. Pero, naku, bilang isang guro, hindi po, hindi.”

193 Sabi naman nung iba pa sa kanila, “Naku, isa Siyang mabuting lalaki. Naku, Siya’y—sadyang nagkalito-lito lang Siya, ’yun lang. Isa Siyang mabuting tao. Walang makapagsasabi ng anumang masama tungkol sa Kanya.”

194 Sabi nung iba, “Hindi, Siya—isa Siyang diyablo. Masasabi namin sa inyo na—na may kung anong bagay na binabasa ang isipan ng iba at lahat ng iba pang bagay na ’to, at ’yan—iyan ay bulaang propesiya. Salungat ito sa kredo natin. Huwag kayong maniwala sa gayong bagay na tulad niyan.”

195 At ang sabi nung isa, sabi, “Purihin ang Diyos, Ito’y Diyos. Kilala ko Siya. Nakikita ko.” At naghihintay sila. Ngayon sadyang ganyan ang kinatatayuan natin sa kasalukuyan, ngunit ang siya pa ring bagay: ang Salitang pinahiran para sa panahong ito; ang Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea.

196 Ngayon tayo’y magtatapos na sa pagsasabi nito. (Sandali na lang.) Tatlong uri ang naghintay sa Kanya. Gayon din nga ito sa kasalukuyan, tama ’yan, tatlo. Pansinin, ’yung mga mananampalataya ay nagsisigawan. Kita n’yo? Kita n’yo? Ang Kanyang ministeryo ay nakapagpaibig sa ilan sa Kanya, nakapagpamuhi sa iba, at nakapagpataka sa isa pang uri. Kita n’yo? Ang Kanyang ministeryo. . . Hayaang banggitin ko uli ’yan. Ang Kanyang ministeryo, maging ano pa man iyon. . . Alam na natin ngayon, Ito ay ang Salita. Ngunit ang Kanyang *ministeryo* ay nakapagpaibig sa ilang tao sa Kanya. Sila ay itinalagang gawin iyan. Kita n’yo, sinampalatayanan nila ’yon. Nakita nila ’yon. Wala nang iba pang. . . Nang magpunta doon sa itaas si

Nathanael, at—at sinabi Niya sa kanya kung ano'ng ginawa niya katulad *niyan*, ang sabi niya, "Guro, Ikaw ang Anak ng Diyos. Ikaw ang Hari ng Israel, walang duda sa aking isipan."

197 Si Simon ay nakatayo doon, ang sabi, "Naku, Andres, hindi ako pupunta doon. Narinig ko na'ng lahat 'yang kung ano doon bago pa man."

198 "Pero," si Andres, "dapat kang pumunta. Dapat kang pumunta, basta sumama ka lang isang beses sa akin."

199 At habang nakaupo Siya doon, nakita siya ni Jesus na papaakyat, alam n'yo na, papaakyat. Sabi, "Ang pangalan mo ay Simon. Ikaw ay anak ni Jonas." Wala nang ano pa mang duda. Kita n'yo, iyon lang 'yon. Naroroon sila. Sinampalatayanan nila 'yon. Nakita nila 'yon. Alam nilang 'yon nga ang siyang gagawin ng Mesiyas pagdating Niya.

200 Kinailangang maging isang Propeta Siya, dahil sinabi ni Moises, "Siya ay magiging isang Propeta." At ang mga nag-aalinlangang iyon ay apat na raang taon nang walang propeta. Nangailangan ng isang propeta para ituwid iyon, lagi naman sa bawat kapanahunan. At heto Siyang nakatayo roon.

201 Walang kaduda-duda sa kanila. Sila'y nagsisipaghintay doon na may hawak na mga palaspas sa kanilang kamay, "Darating na Siya maya-maya lang." Naghihintay!

202 Ang buong siyudad, tensiyonado. Ang sabi nila, "'Yan ay isang umpukan ng mga panatiko na nagkakatipun-tipon doon sa labas sa tarangkahan."

203 Ang sabi nung isa, "Ano kayang gagawin Niya pagdating Niya dito sa itaas. Alam n'yo, ako—naniniwala talaga akong isa Siyang peke. Palagay ko meron Siyang isang paa ng kuneho na ikinikiskis niya sa Kanyang tenga, alam n'yo, o isang bagay na katulad niyan, alam n'yo."

204 At katulad ng sinasabi nila sa kasalukuyan, "Naku, isang kung anong klase lang ito ng pakikipagkomunikasyon sa isip. Ito'y—ito'y isang bagay . . . " Kaya nilang ipaliwanag ito nang ganun-gano'n na lang.

205 Ang sabi naman ng isa pa, "Isang diyablo 'yan. Manatili kayo sa kabilang bahaging ito ng siyudad. Huwag kayong magkaroon ng anumang kaugnayan diyan. Huwag kayong makipagtulungan sa pagtitipong 'yan. Huwag kayong pumunta diyan, kita n'yo. Wala tayong magiging anumang kaugnayan do'n." Tatlong klase ng mga tao.

206 Ngayon tingnan n'yo. Ngayon heto Siyang nakasakay papasok sa siyudad. Sadyang tamang-tama kung ano'ng sinabi ng Salita na gagawin nga Niya. Nakasakay sa isang munting asno, papasok sa siyudad. 'Yung mga hindi nakatingin sa kredo, hindi nakatingin sa Templo, hindi nakatingin sa lahat ng iba pang mga bagay na ito, hindi nakatingin sa mga

saserdote, kung ano'ng kailangan nilang sabihin. 'Yung mga sumasampalataya sa Kanya, nangakatayo sila roon na may hawak na palaspas sa kanilang kamay. Hinihintay lang 'yung unang pagkilos. Hinding-hindi mo sila narinig na nagsabing, "Sino itong paparating?" Aba, hindi! Kilala nila kung Sino ang paparating. Alam nila kung ano'ng sinabi ng Salita. Kita n'yo? At 'yung isa pang grupo, nakikita n'yo ba silang nasa bandang likuran ng siyudad? At pagkatapos nang marinig nila itong ingay na: "Hosanna sa Hari! Hosanna sa Hari na dumarating sa Pangalan ng Panginoon. Hosanna! Hosanna!" At ang lahat ng mga tilian!

207 Nagsilabasan 'yung mga saserdote para tingnan kung tungkol saan ba itong panrelihiyong kaguluhan. At ang sabi nung mga tao, "Sino ba ito?" Para saan ba't nandun sila, mga kaibigan? Isang panrelihiyong kapistahan! Ang mismong Diyos na nagpatalaga sa kanila nitong Pista, ay nagsabi sa kanilang darating Siya doon nang sadyang katulad niyon, at sumisigaw sila, "Sino 'yon?"

208 Hindi pa rin nagbabago ang panahon. Ang mga tao'y idinisenyong gayon pa rin kung ano sila noon. Ang sabi ng Mga Hebreo 13:8, "Siya ay siya ring kahapon, ngayon at magpakailanman." Ngayon magtatapos na ako sa pamamagitan ng pagsasabi nito: Ang tanong ay hindi na sa kanila. Itinanong nila, "Sino ito?" Pero nang 1964, ang tanong ay: "Ano ang sabi ninyo kung sino Ito?" Tungkol saan ba ang lahat ng ito? Huminto na ba kayo para saliksikin ang Mga Kasulatan? Sino sa palagay n'yo Ito? Ito ba'y pakikipagkomunikasyon sa isip? Ito ba'y isang kung anong ligaw na bagay mula doon sa disyerto sa kung saan, kagaya ng sabi nilang, "Si Juan ay isang lalaki, mabangis, na nilulunod ang mga tao sa tubig doon." Samantalang, ang sabi ni Isaias ay darating nga siya doon, ang tagapagpauna. Ang sabi ni Malakias ay darating siya doon nang sadyang tamang-tama. Ang sabi nilang mga propeta, "Ang propetang ito ay lilitaw doon mismo upang ipagpauna 'yon." At heto siya.

209 Ang sabi nila, "'Yan ay isang mabangis na lalaki. Layuan n'yo siya. Kita n'yo? Huwag kayong magkaroon ng anumang kaugnayan sa kanya." At heto paparating ang Mesiyas, sadyang tamang-tama kung ano ang sinabi ng Kasulatan, "Na darating Siya sa siyudad na nakasakay sa isang batang asno na anak ng asnong babae. Maamo at mababang-loob, nakasakay sa isang batang asno na anak ng asnong babae, papasók sa siyudad, nang sa gayon ay matupad ang Mga Kasulatan." At narito nakatayo ang mga tao sa isang panrelihiyong kapistahan na naman, katulad ni Balaam, sa isang panrelihiyong kapistahan, na nangagsasabi, "Sino ba ito?"

210 At sa kasalukuyan, 'yung Mga Kasulatang ipinangako para sa panahong ito, mga kaibigan, Ito'y natutupad sa mismong kalagitnaan natin, sa bawat oras. Sino sa palagay n'yo Ito? Pag-

isipan natin ang tungkol Dito kapag iniyukod na natin ang ating mga ulo.

211 Mahal na Diyos, kaming lahat ay seryosong nag-iisip, nang malalim, sapagkat kailangan po namin itong gawin. Nasa mga kamay namin ito, Panginoon. Nakikita Ka po namin, ang dakilang Hari. Nakikita namin ang Iyong pangako tungkol sa Salita. Maraming taon na po naming inaabangan ito, na dumating itong dakilang sandali, kung kailan kami nabubuhay ngayon mismo. Nakikita po namin ang Iyong pinahirang Salita sa Iyong mga hinirang, na isinasabuhay Ito, nang sadyang tamang-tama kung ano nga po ang Iyong sinabing mangyayari. Nakikita po namin ang grupo ni Satanas na pinahiran doon sa kabila. At napagtugma na po namin Ito sa buong bansa, pabalik-balik noon at ngayon sa pamamagitan ng Salita, nang sa gayon ay wala ni isang batong maiiwang hindi nailantad. Hindi ko po alam kung sino ang Iyong itinalaga sa buhay, Panginoon. Hindi ko po tungkulin ang alamin 'yon, iyon po ang Iyong tungkulin. Subalit tungkulin ko po ang galawin ang bawat bato. Diyos tulungan po ako, tulungan po ang iba pang tao na naniniwala rito. Galawin Mo po ang bawat bato, Panginoon, upang walang anumang bagay na Iyong itinalaga kundi 'yung makikinig dito.

212 Nais po naming makita ang Iyong pagdating, sa mismong henerasyon namin, Panginoon. Pinaniniwalaan namin ito. Naniniwala kami na—na may isa pang Biyernes ng Palaspas; Biyernes Santo at isang Biyernes ng Palaspas na paparating. Isang pagpapako sa krus sa Iyong Iglesya, ngunit aming katagumpayan kapag Ikaw ay dumating nang nakasakay.

213 Dalangin po namin, Diyos, na Iyong pagpapalain ngayon, ang Iyong mga hinirang. Pagpalain Mo po itong munting iglesya. Pagpalain Mo po itong mahal na pastor at ang kanyang anak na naririto, si Kapatid na Outlaw at—at ang kanyang anak; ang parehong Jimmy Sr. at Jr. Pagpalain Mo po ang bawat isang naririto.

214 Diyos, nawa'y hindi po kami dumating lamang dito sa umagang ito...Nawa ako...Hindi po ako nagbiyahe mula sa Tucson para lamang...Kung nagkaroon po ako ng malaking pagkakataong makipag-usap sa ilang mga tao, Panginoon, 'yon—'yon po ay hindi para—para luwalhatiin ang anuman kundi itong Tao, na siyang pinagtatakhan po ng mga tao kung sino ito. Alam po nilang hindi ito kayang gawin ng tao. Alam nilang higit pa sa tao ang mabatid ang mga bagay na ito. Ngunit ang sabi ng mga tao, "Ano 'yon?"

215 Panginoon, alam po naming Ito'y Ikaw. Ito'y si Jesus Cristo, na nasa persona ng Banal na Espiritu. Siya ang Banal na Espiritu. "Nagmula Ako sa Diyos. Babalik Ako sa Diyos." At nakikita namin ang dakilang Haliging Apoy sa aming kalagitnaan, Panginoon. Katulad ng pagkakita nila Rito sa

unang bahagi ng Biblia kasama si Moises. Nakita po namin Ito sa kalagitnaan ng Biblia nang si Pablo ay nasa kanyang daan patungong Damasco. Nakikita po namin Ito. Ngayon dito'y nakikita po namin Itong muli sa huling panahon. Ang tatlo ay isang kumpirmasyon. Noon pa'y laging ito na ang Mensahe.

216 Diyos, nawa ang mga kalalakihan at kababaihan ay hindi na kumapit pa sa mga tradisyon at mga kredo. Kundi nawa ay lumabas sila mula sa bagay na 'yon, ganap na isuko ang kanilang mga buhay sa Diyos at sumampalataya; hindi magtiwala na lang basta sa teorya at mga bagay-bagay ng tao, kundi magtiwala sa Buhay na Diyos. Habang nagaganap ang mga kapistahang ito, ang sigaw pa rin ay: "Sino ba ito? Ano ba ito? Tungkol saan ba ang lahat ng ito?" Sinasabi ng mga relihiyosong tao ang gayon ding bagay na 'yon. At Ito'y ang siya ring Panginoong Jesus, nagkatawang-tao sa Kanyang mga hinirang, pinapahiran ang Kanyang Salita para sa Nobya. At hindi nila Ito maintindihan. Silang lahat ay masyado nang napalayo sa Laodicea, hanggang sa hindi na nila alam kung tungkol saan ang lahat ng Ito. Ngunit ang sabi ng propeta, "Magkakaroon ng Liwanag sa gabi." Kaya't ngayon, inaabangan po namin Ito, Panginoon. Pumarito Ka po, Panginoon, pagpalain Mo po ang bawat isa.

217 Habang nakayukod ang inyong mga ulo ngayon, at ang inyong mga puso. Pinaniniwalaan n'yo ba ito bilang siyang Katotohanan? Naniniwala kayo? Itaas lang ang inyong kamay, sabihin, "Tunay kong pinaniniwalaan iyan bilang siyang Katotohanan, na tayo'y nabubuhay na sa mga huling araw. Naririto na tayo ngayon at naniniwala ako na tayo'y labis nang nagkabali-baliko . . ." Naroon kayo sa pagtitipon nung isang araw, nang ang trigo, ang tangkay . . . Napansin n'yo ba, hindi pa tayo nagkaroon ng isang organisasyon na susunod dito. Naririto na ako mismo kasama ang inyong pastor mula pa sa simula, sa bawat paglabas-masok ng taon. Karaniwan, dalawa o tatlong taon at ito'y naoorganisa. Hindi ito naorganisa sa pagkakataong ito. Hindi nito magagawa. Ang talukap ay kumalas mula Rito, ngunit wala nang iuusad pa. Ang trigo, ang ministeryo ay bumalik nang tuluy-tuloy sa kung ano ito sa pasimula. Ito'y si Jesus Cristo na nasa kalagitnaan natin, kaibigan. Hindi isang tao, kundi ang Taong si Cristo Jesus na nabubuhay sa inyo, at nais na maging isang bahagi ninyo, at kayo'y maging isang bahagi Niya. Maaari bang tanggapin n'yo Siya ngayon?

218 Meron ba ritong hindi pa nakakatanggap ng bautismo ng Espiritu, hindi pa? Ngayon sasabihin mo, "Kapatid na Branham, sasabihin ko sa 'yo, sumigaw ako isang beses." Mahusay 'yan. "Nagsalita ako sa iba't ibang wika minsan." Iyan ay mahusay, din. Pero ganun pa man hindi iyan ang tinutukoy ko. Papaano ka makasisigaw at makapagsasalita sa iba't ibang wika at tatanggihan ang Salita? Ang katibayan ng Banal na Espiritu ay ang pagsampalataya sa Kanyang Salita. Dati nang gano'n

sa bawat kapanahunan kung matatanggap mo ang Salita. 'Yung mga saserdoteng iyon ay isang milyong milya ang agwat kay Jesus pagdating sa mga bunga ng Espiritu: mabait, at kalmado, at maamo, mababang-loob. Ginalit Niya 'yung mga iglesya, ginulo ang mga ito; at labis na ininis 'yung mga tao, at tinawag silang "mga ahas sa damuhan" at lahat na. Kita n'yo? Ngunit Siya ang Salita na 'yon. Siya ang Salita na 'yon. 'Yun nga: sampalatayanan ang Diyos. Ang Diyos ay ang Salita. Sampalatayanan Ito.

219 Kung hindi pa kayo kailanman nagkaroon ng Cristianong bautismo, may isang bautismuhan dito. Hindi n'yo pa natatanggap ang tunay na Banal na Espiritu, pinapaalam niyan sa inyo na bawat Salita ng Diyos ay ang Katotohanan; sinasabi n'yo Rito, "amen" at sinasampalatayanan Ito nang buong puso n'yo, kung gano'n maaari n'yo Itong matanggap sa umagang ito. At kung gano'n hindi na kayo magtataka kung Sino itong nakapagpapakilos sa mga tao sa paraang ginagawa ng mga ito. Malalaman ninyo kung ano Ito. Kung wala pa kayong ganyang karanasan, maaari n'yo bang sabihing, "Kapatid na Branham, alalahanin mo ako sa iyong panalangin, at itataas ko ang aking kamay"? At sabihin ninyo, "At ako'y—ako'y. . . " Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, ikaw, ikaw. Pagpalain ka ng Diyos, 'yan ay mabuti. Pagpalain ka ng Diyos, mabuti.

220 O Diyos, habang magiliw na tumutugtog ang musika. . . Oh, Siya'y kahanga-hanga! Sigurado. "Tagapayo, Prinsipe ng Kapayapaan, Ang Makapangyarihang Diyos, Ang walang hanggang Ama." Dalangin kong Ikaw po ay magkakaloob sa mga taong ito, Panginoon. Maaari lang akong manalangin. 'Yon lang ang tanging alam kong gawin, ay ang humiling para sa kanila. Itinaas po nila ang kanilang mga kamay. Ginagawa ko ang aking ipinangako sa kanila, idinadalangin ko na ipagkakaloob Mo po sa kanila ang dakilang karanasang ito; hindi lang po basta kung anong uri ng isang damdamin, kundi isang tunay na karanasan; kinakatagpo ang Diyos tulad ng ginawa ni Moises doon sa lupa sa Kaluwalhatiang Shekinah ng Diyos; at hindi lamang doon, kundi huwag silang mailihis kailanman mula diyan sa Salita, upang lumakad nang tuluy-tuloy papasok sa Lupang Pangako kasama Nito. Diyos, nawa'y ipagkaloob Mo po ito sa bawat isa kanila, sa umagang ito.

221 May karamdaman sa kalagitnaan namin ngayon, Diyos. Dalangin naming pagagalingin Mo po iyan. Pagalingin Mo po ang bawat taong may sakit, bawat nangangailangan. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Sila po'y Iyo na ngayon. Ibinibigay ko po sila sa Iyo sa Pangalan ni Jesus. Amen.

222 Pasensiya na kayo, tuluy-tuloy na dalawang oras akong nandito sa itaas. Pero tingnan n'yo, meron kayong buong gabi. Maaari na kayong umuwi at bumawi ng lakas at umidlip ng kaunti. Pero huwag n'yong kalimutan ang sinabi ko sa inyo.

Nangusap ako sa inyo mula sa puso ko. Alam kong parang kakatwa. Ilang taon na ang nakalilipas dumating ako sa Phoenix dito kasama kayong mga tao, pinapagaling ang mga may sakit sa pamamagitan ng panalangin ng pananampalataya. Hindi ko 'yon kailanman ipinaliwanag, hindi nais na ipaliwanag 'yon. Nagmasid lang ako at tiningnan kung ano'ng gagawin ng mga tao, minasdan lang ang mga panggagaya at mga bagay-bagay na nagsisilitawan. Isang napakadakilang bagay para sa akin ang mapagmasdan 'yon.

223 Ngunit ngayon, lumalapit ako sa inyo na may isang Mensahe na pinagtibay ng tanda na 'yon. Anong ginawa ng iglesya... Hindi, ito'y hindi kailanman nagdenominasyon. Pero anong nangyari sa mga denominasyon tungkol sa rebaybal na ito? Anong ginawa nila? Sila'y tuluy-tuloy na pumasok sa Laodicea. Milyun-milyon at milyun-milyon, at bilyun-bilyong dolyar ang ibinuhos dito, at basta na lang... at siya'y umunlad at yumaman at nagpapatayo siya ng milyun-milyong dolyar na halaga ng mga ari-arian at mga bagay-bagay na tulad niyan. At para tanggapin ang Mensahe? Hinding-hindi po. Itinataboy nila Ito. Ano 'yon? Ang talukap kumakalas papalayo sa trigo. Ngayon ang trigo ay dapat na maging gano'n, ang mabilad sa Presensiya ng Anak upang maging isang ganap na Ebanghelyo, na ginintuang butil para sa Panginoon. Maaari bang paniwalaan n'yo Ito? Sino ba Ito, kung tutuusin? Sino Ito? Ito kaya'y tao? Ito kaya'y isang iglesya? Ito kaya'y isang denominasyon? Ito'y si Jesus Cristo, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Sinasampalatayanan n'yo ba Siya?

224 Iniisip ko ngayon, isang kaunting pagsamba lamang pagkaraan ng isang humihiwang Mensahe na tulad niyan,... Kapatid, ano kaya kung bigyan mo kami ng isang—isang—isang tono, kasama ang munting choir dito, ng *I Love Him*. Alam n'yo ba 'yung lumang awitin?

> I love Him, I love Him
> Because He first loved me,
> Purchased my salvation
> On cold, dark Calvary.

225 Maaari bang sabayan n'yo akong awitin ito? Kayong lahat ngayon, sa isang pagsamba lamang. Sadyang—sadyang sumamba lamang kasama ko.

> I love Him,...

Ngayon, alalahanin, katulad ng telebisyon, Siya'y nasa loob ng silid n'yo.

> Because He first loved me
> And purchased my salvation
> On Calvary.

Napagtatanto n'yo ba kung ano'ng ibig sabihin niyan? Magagawa n'yo ba? Nakukuha n'yo ba ang mga kalaliman niyon, kung ano'ng ginawa Niya?

I love Him, . . .

Hindi ko Siya nakikita, pero nandito Siya. Meron akong isang munting nakasasagap na instrumento na nasa loob dito, isang munting bagay na lumiliwanag sa puso ko. Alam kong ibinabalik nito ang imahe Niya. Nandito Siya.

. . . loved me
And purchased my salvation
On Calvary.

226 Ngayon, nais kong gawin n'yo ito, habang hinihiging natin 'yon. Ngayon tayo'y halu-halo na pagdating sa kung ano tayo dati. Alalahanin, ang pinanggalingan ko ay Katoliko. Kita n'yo? Ngayon tayong lahat ay halu-halong grupo na dito, pero nagsilabas na tayo mula sa lahat ng mga bagay na 'yan ngayon. Tayo ay kay Cristo. Kanya na tayo. Ngayon habang inaawit natin ito, umikot lang tayo at basta makipagkamay lang. Hindi na kailangang tumayo. Basta sabihin lang, "Pagpalain ka ng Diyos, brother. Pagpalain ka ng Diyos, sister," habang ginagawa natin ito, sa isang tunay na maka-Cristianong diwa lamang. Naniniwala akong gusto ng Diyos 'yung sinasamba Siya. Hindi ba ganun din ang palagay n'yo? Sambahin Siya. Siya . . . Ang Diyos ay isang pinagtutuunan ng pagsamba. At nais natin Siyang sambahin. At papaano natin ginagawa . . . ? Iniibig n'yo ang bawat isa. Nais n'yong ituring ang bawat isa . . . "Ang ginagawa ninyo sa mga ito, ay ginagawa rin ninyo sa Akin."

227 Awitin lang natin ito ngayon, at—at kamayan ang bawat isa, at sumambang kasama . . .

. . . 'cause He . . .

Pagpalain kayo ng Diyos.

Oh, I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On . . .

228 Iniisip ko, nag-aalab ba 'yan sa inyong puso? May bagay ba riyan sa loob na sadyang—sadyang mabuting-mabuti sa pakiramdam? Alam n'yo na, nararamdaman n'yong para bang gusto n'yong ilabas Ito dito at akapin Ito. Ha? Ganyan ba ang nararamdaman n'yo sa inyong puso? Kung hindi, kaibigan, mag-ingat ka. Ikaw ay nasa mapanganib na dako, kita mo, kung walang kung anong tunay na pag-ibig diyan sa loob, isang bagay, "I love Him." Hindi lang isang awitin, kundi isang realidad. Una Niya akong inibig. Saan na kaya ako napunta, ngayon . . . Ako'y limampu't limang taong gulang na. Malapit nang matapos ang buhay ko. Kita n'yo? At ang aking . . . Binili ang aking

katubusan. . .Kapatid na Trow, ano sana'ng gusto mong. . .? [Isang lalaki ang nakikipag-usap mula sa kongregasyon—Pat.]

229 Narinig n'yo ang patotoong iyan, "Iniligtas."

Iniligtas ng Kanyang Banal na kapangyarihan,
Iniligtas tungo sa bagong dako ng kataasan!
May giliw ang buhay ngayo't buo ang aking kagalakan,
Pagkat ako'y iniligtas!

230 Papaano mo nalalaman? Ang aking Espiritu ay nagpapatotoo sa Kanyang Salita na ako'y nakaalpas na mula kamatayan patungo sa Buhay.

231 Salamat, mga minamahal na Cristiano. Mabuti ang dulot niyan sa akin. Gusto kong nagpupunta sa isang lugar na tulad nito kung saan nararamdaman mong para ka na ring nasa sariling tahanan. Mahirap para sa akin ang umalis. Patuloy lang akong nag-iisip, tumitingin diyan sa orasan; at—at nakikita ko 'yung anak kong babae na nakaupo doon, iniiling ang ulo sa akin, at tumitingin sa ibaba nang paganyan; at—at 'yung anak kong lalaki, na nakaupo dito sa itaas, na nagsasabing, "Ano—ano pa po'ng pumipigil sa inyo rito?" Hindi ko alam. Basta gusto ko lang na manatili sa paligid. . .alam n'yo. Hindi ko alam. Gusto ko ng pakikipagkapatiran. Alam n'yo, hindi ko nakukuha 'yun sa maraming lugar (alam n'yo 'yan), papaunti nang papaunti na lang palagi. Pero alam kong papalapit na ako doon. Kita n'yo? At balang araw ipangangaral ko ang huli kong sermon, isasara ang Biblia sa huling pagkakataon. Maglalakbay ako nang kaunti sa panahong 'yon. Pumunta kayo't dalawin ako minsan kapag nagawa ko na. Umakyat kayo, at uupo tayo magpakailanman, at magkukuwentuhan gaya ng sinabi ni Kapatid na Carl, at mabubuhay magpakailanman.

232 Ngayon tingnan n'yo, mga kaibigan, may hihilingin ako sa inyong bagay na nais ko sanang gawin n'yo. Ngayon nailayo ko tuloy kayo sa tanghalian n'yo. Kita n'yo? At ngayon, may ginawa si Kapatid na Outlaw kani-kanina lang. . .Bihirang-bihira siyang gumawa ng anumang hindi ko gusto. Pero kasi—nagpakuha siya ng offering para sa akin, kita n'yo. Ano kaya kung isa sa kanila ang babalik, at ibabalik 'yang offering doon, at tumayo sa pintuan. At kunin n'yo 'yun at ipambili n'yo ng pangtanghalian n'yo. Iyan ay isang handog mula sa akin, pabalik sa inyo. Kita n'yo? Gawin n'yo 'yun. Kita n'yo? Ayos lang 'yon. Siya'y isang taong magiliw. Lagi siyang. . .Hinding-hindi siya. . .Hinding-hindi ako nagpupunta sa kahit saan o kahit ano maliban kung siya—nais niyang may gawin para tulungan ako. Ganyan siya.

233 May ilang taong nakatayo rito; ako—parang ayaw ko yatang banggitin ang pangalan nila, baka kasi masaktan ang kanilang damdamin. May isang minamahal na kapatirang lalaki na

kalilisan lang patungo sa Kaluwalhatian, mabilis na lumisan. Ang nais niya . . . Alam niyang mahilig ako sa mga kakahuyan, kaya gusto niya akong ibili ng isang jeep. Ayaw ko siyang payagang gawin 'yon. Pagkatapos nang pumanaw na siya, 'yung kanyang butihing maybahay ay gustong gawin 'yon, at ayaw ko siyang payagang gawin 'yon. Pero 'yung lahat ng iba pang mga kabataa'y nagsama-sama at nagpunta sa banda rito . . . At—at may isa pang kapatirang lalaki na nagpupunta sa iglesyang ito, ang sabi, "Kapatid na Branham, gumagawa ako ng mga sand wagon." Alam n'yo, mga karwahe; o 'yung tinatawag n'yong *hacks*. At sabi, "Igagawa kita ng isa sa mga 'yon." Ayaw ko siyang payagan. Alam n'yo ba kung ano'ng ginawa nitong mga kabataan? Bumuo sila ng isang—isang magkasamang jeep at sand hack. Hindi pa ako nakakita ng isang kagaya nun.

234 Pagkagaling sa pagtitipon sa Tucson nang gabing 'yon, iginarahe nila 'yon sa bakuran ko, at ang sabi, "Ito ay isang handog mula sa—sa mga taga-Phoenix." Kita n'yo, ni hindi nga isasama ang sarili lang nila, basta sinabi lang, "Naku, 'yon ay kaming lahat na sama-sama, alam mo." Iya'y . . . Naku, ako—ang malaman ko lang na kailanman ako makarating sa Langit, ay mabubuhay akong kasama ang mga taong kagaya n'yan. Napakahalaga niyan sa akin, alam n'yo, isang bagay lang na katulad niyan; itong munting mga . . . bagay.

235 Ganyan din ang nararamdaman ko kay Kapatid na Outlaw dito. Sasabihin, "Naku, Kapatid na Branham, ako lang . . . " Aakyat dito sa ilang . . . aabot lang sa kung saang dako hanggang sa mapamahal ka, at makipagkuwentuhan sa iyo, at magkuwento tungkol kay Jesus. At—at 'yung mga taga . . . Buweno, alam n'yo na, "Mga ibon na magkabalahibo." Alam n'yo na, parang gusto nilang nagkakasama-sama at nagkukuwentuhan tungkol sa mga bagay-bagay, at magkakasamang nakikipagkapatiran.

236 At ako—pinapahalagahan ko 'yan, pero ako—hindi ko nais na kunin 'yung offering, brother, sister. Ako . . . binibigyan ako ng aking iglesya ng kaunting sweldo na isang daang dolyar kada linggo at ayos naman ako sa gano'n. Kaya ako—pinapahalagahan ko 'yan. Ngayon kung meron sa inyo na gusto nang magtanghalian, buweno, may isang babalik diyan sa pintuan at kunin n'yo sa akin 'yung pangtanghalian n'yo. Alam n'yo, magiging ayos lang 'yon. 'Yung iba sa inyo, nailayo ko pa naman kayo sa inyong tanghalian. Mahal n'yo ba Siya? Kung gano'n kailangan n'yo akong mahalin dahil bahagi Niya ako. Kita n'yo? Amen. Iyan ang dahilan kaya mahal ko kayo. Pagpalain kayo ng Panginoon.

237 Magsitayo na tayo ngayon. Huwag n'yong kalimutan 'yung darating nating mga pagtitipon. Anumang oras kayo mapapagawi sa paligid, tandaan n'yo lang, pasok kayo. Lagi kayong malugod na tinatanggap. Maaari bang ipanalangin n'yo ako? Ako—

ako ang taong nangangailangan ng panalangin. Maaari bang manalangin kayo? Ilan ang nakakaunawa sa dalahin, kung ano'ng kailangan kong gawin, at 'yung mga bagay na nakalatag sa harapan ko? At alam ko kung anong paparating, doon mismo sa labas. Kita n'yo? Nakikita ko 'yon nang sadyang katulad ng nakikita ko ang iba pang mga bagay na paparating. Alam ko kung ano'ng paparating. Kita n'yo? Pero wala nang oras para mangusap tungkol diyan. Pag-usapan natin kung anong nangyayari na ngayon mismo. Bahala ang bukas sa sarili nito. Kita n'yo? Kayo ba . . . maaari bang ipanalangin n'yo ako? Ngayon, itinaas n'yo ba ang inyong mga kamay na ipapanalangin n'yo ako? Mabuti.

238 Pagpalain kayo ng Diyos ngayon. Ihahabilin ko na ang gawain sa inyong kalugud-lugod na pastor, si Kapatid na Jimmy Outlaw. Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Jim.

*Ano Ang Sabi Ninyo Kung Sino Ito?* TAG64-1227
(Who Do You Say This Is?)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Disyembre 27, 1964, sa Jesus Name Church sa Phoenix, Arizona, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings. Muling inilathala noong 2010.

TAGALOG

©2009 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org